Entrada ng Pantyong Pambayan ng Kawit, Kabite



PANTYON

ILANG PAMAHIIN, TRADISYON, AT KUWENTO NG PAGLILIBING SA KABITE

ni

JEFFREY ALFARO LUBANG

Paunang Salita

FLORENTINO H. HORNEDO, PH.D.

Panimula

PROSPERO R. COVAR, PH.D.

Larawan

TITA "TATA" V. LIM

Proyekto ng

CAVITE STUDIES CENTER

DE LA SALLE UNIVERSITY-DASMARIÑAS

IGE RAMOS DESIGN STUDIO

Intramuros, Manila

2007

UC NATIONAL LIBRARY - FILIPINIANA

COPYRIGHT
SEP 01 200
A2008-21

PANTYON

Ilang Pamahiin, Tradisyon, at Kuwento ng Paglilibing sa Kabite

₱275—

60495 fil
Fil.
393.095991412
L96P
2007

Inilathala ng Ige Ramos Design Studio
Intramuros, Manila

©2007 ni Jeffrey Alfaro Lubang

Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi ng aklat na ito sa alinmang paraan - grapiko, elektroniko, o mekanikal – nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-ari.
Cataloging In Publication Data
Aklatang Emilio Aguinaldo
Recommended Enlry:

Lubang, Jeffrey Alfaro, 1969
Pantyon: ilang pamahiin, tradisyon, at kuwento ng paglilibing sa Kabite/Jeffrey Alfaro Lubang; Tita V. Lim, photographer. – Manila: Ige Ramos Design Studio, 2007.
GT 3150 244456 2007
ISBN 978-971-93979-1-5
1v
1. Funeral rites and ceremonies – Phillippines – Cavite Province. 2. Burial 3. Mourning Customs. I. Lim, Tita V.

Ang nagbigay ng paunang salita:
Si Florentino H. Hornedo ay isang kilalang propesor ng pilosopiya, panitikan, at kasaysayan mula sa University of Santo Tomas. Nagkamit din siya ng mga pagkilala bilang manunulat mula sa Gawad Palanca. Bantog din ang kanyang mga saliksik tungkol sa kultura ng mga Ivatan.

Ang nagbigay ng panimula:
Si Prospero R. Covar ay nagtapos ng A.B. Sociology at M.A. Sociology sa U.P. Pinag-aralan ang Iglesia Watawat ng Lahi na naging paksa ng kanyang Ph.D. dissertation sa University of Arizona. Una siya sa mga nag-aral ng mga katutubong mananampalataya sa Bundok Banahaw. Pinag-aralan din niya ang mga pagkaing panlansangan; pag-ukit sa Paete, Laguna; Anting-anting; pagkataong Pilipino; Florante at Laura; at Katipunan.
Pangunahin siyang propesor ng Agham Tao at Pilipinolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas

Sa kanilang ala-ala,

RAYMUNDO MUECO LUBANG
(1930-1996)

at

PURIFICACION NEPOMUCENO VELUZ
(1950-2007)

NILALAMAN

Paunang Salita vi
Panimula viii
Saliksik sa Pantyon x
Mula sa May-akda xii
Pasasalamat xiv

UNANG KABANATA
Ilang Piling Tradisyon sa Kamatayan at Paglilibing sa Pilipinas

Kapampangan 3
Manobo 4
Tausug 4
T'boli 4
Bagobo 5
Ifugao 5
Tagalog 5
Ilang Tradisyon Noong Nagdaang Panahon ng mga Kastila at Amerikano 6
Ang mga Leproso ng Culion 6
Ilang Popular na Pantyon sa Pilipinas 7
Isang Natatanging Musoleo sa Maynila 11

IKALAWANG KABANATA
Ilang Pamahiin Tungkol sa Kamatayan at Tradisyon ng Paglilibing sa Kabite

Mga Pangitain ng Kamatayan 21
Sa Oras ng Paghihingalo 22
Sa Araw ng Pagkamatay 22
Sisiw sa Ibabaw ng Kabaong 23
Kapag ang Namatay ay Binata, Dalaga, o Bata 23
Pag-aayos sa Bangkay 24
Sa Pagburulan ng Bangkay 25
Ang Despedida 26

Sa Araw ng Paglilibing 27
Ang Dapit-Pari 28
Ang Dapit-Ciriales 29
Tugtog sa Araw ng Libing 29
Ang Rosario Cantada 31
Mga Sinaunang Paglilibing 31
Mga Kasiyahan sa Panahon ng Paglalamay 31
Mga Tradisyon Matapos ang Paglilibing 32
Isang Natatanging Libing 32
Ang Kuwento ng Pagkamatay ni Gervasio E. Pangilinan 33
Ang Pangangaluluwa 33
Iba Pang mga Pamahiin at Kinagisnan 34

IKATLONG KABANATA
Mga Kilala at Limot na Pantyon
Mga Pantyon sa Kabite noong ika-19 na dantaon 43
Mga Palipat-lipat na Libing 45
Mga Libingan: Ayon sa Antas na Kinabibilangan sa Lipunan 46
Mga Pananda (Lapida) 47
Mga Pook Libingan 53

PAGLALAGOM 84
APENDIKS A: Pakikipanayam 86
APENDIKS B: Mga Hindi Pangkaraniwang Pantyon 91
APENDIKS C: Ilang Punebre ng Banda Matanda 94
APENDIKS D: Kabuuan ng Talumpati noong Setyembre 12, 1940 ni Gervacio Pangilinan sa Okasyon ng Paggunita sa Kamatayan ng Labintatlong Martir sa Lungsod ng Kabite 98
APENDIKS E: "Oracion Funebre en la Memoria del Coronel de Estado Mayor, Ladislao Diwa" por Gervacio Pangilinan 102
APENDIKS F: "General Emilio Aguinaldo Died A Mason", eulogy delivered by Emilio P. Virata 103
APENDIKS G: Halimbawa ng mga Awit sa Araw ng Pangangaluluwa sa mga Bayan ng Heneral Trias, Imus, Indang, Maragondon, Silang, at Ternate 106
APENDIKS H: Ilang Halimbawa ng mga Palatuntunan sa Araw ng Paglilibing 123
APENDIKS I: Anunsiyo ng isang marmoleria sa Maynila 131
Glosari 132
Bibliograpiya 134
Indeks 138

PAUNANG SALITA

Makabuluhan ang salitang PANTYON sa pamagat ng aklat na ito. Ang salitang ito ay dinala sa Pilipinas ng mga Kastila, ngunit nagmula ito sa salitang PANTHEION sa wikang Griyego, na ang kahulugan ay (1) "templong inilaan para sa diyos," (2) "ang buong pangkat ng mga diyos ng isang bansa," (3) "pook na kinalilibingan ng mga dinadakilang patay ng isang bansa," o (4) "ang pangkalahatang pangkat ng mga bayani at mga sinasantong tao ng isang bansa." Hindi man gaano kasaklaw ang pakahulugan sa salitang pantyon sa akdang ito ay angkop pa rin sa pakahulugang "mga bayani at sinasantong tao sa lalawigan ng Cavite," bagaman ang ilan sa mga bayaning binabanggit dito ay mga pambansang bayani rin naman.

Sa mga nakalipas na panahon, sa larangan ng mga pag-aaral sa kasaysayang panlokal at mga alamat at salimbibig ng mga pamayanang lokal, naging tampok ang mga kuwento, panulaan, mito, alamat, at mga awiting-bayan (na lahat ay nasa larangan ng literaturang tradisyonal). Hindi napag-ukulan ng sapat na pansin ang ibang bahagi ng kaalamang pamana ng bayan tulad ng mga paniniwala kaugnay ng kamatayan at mga patay. Marahil ito ay dahil na rin sa isang malalim na sikolohikal na pag-iwas (o pagtanggi kaya) sa realidad ng kamatayan. Makabuluhang hakbang tungo sa pagpuno sa kakulangang ito ang akdang ito. At lalo pang pinayaman ang unang hakbang na ito sa pamamagitan ng pagsasama

sa dalawang mahahalagang bahagi ng pantyon ng Cavite: ang mga piling bayaning patay, at mga paniniwala kaugnay ng kamatayan at buhay sa kabilang ibayo ng kamatayan.

Polisemiko, wika nga, o "sapin-sapin" ang kabuluhan ng mga nilalaman ng akdang ito, tulad ng lahat ng kaalaman at mga pasalitang sining at ritwal ng mga bayang tradisyonal. Naririyan ang kahulugang lantad at hayagang sinasabi ng mga kuwento at alamat ng bayan; naroroon din ang tagong pahiwatig na waring pabugtong at kinakailangang hulaan ng mambabasa o nakikinig. Dito sa ikalawang antas ng kabuluhan matutuklasan ang tunay na diwa at kabuluhan ng mga tradisyong pasalita maging kuwento man, o awit, o ritwal, o pamahiin. Dito sa ikalawang antas ng kabuluhan matutuklasan ang ontolohiya at aksyolohiya ng isang pamayanan o bayan.

Makabuluhang hakbang at ambag sa kaalaman at pag-aaral panlokal ang akdang ito; binabati ko ang may-akda sa tagumpay ng unang hakbang na ito. At ito sana ay simula at binhi ng lalo pang mayamang mga pag-aaral na darating pa.



Florentino H. Hornedo, PhD
Propesor ng Kasaysayang Kultural at Pilosopiya
Commissioner, UNESCO National Commission of the Philippines

PANIMULA

Noong 1964 isang banga ang natagpuan ng mga arkeyologist ng Pambansang Museo sa kuweba ng Manunggul sa bulubundukin ng Palawan. Ito ay tinaguriang Manunggul Jar. Kinilala itong pambansang yaman at makikita sa National Museum ng Maynila. Tinatayang ito ay may edad na humigit–kumulang na isang libong taon bago pa man ipinanganak ang Panginoong Jesucristo.

Ang Manunggul Jar ay secondary burial jar, na ang ibig sabihin nito ay pinaglalagakan ito ng buto ng namatay pagkatapos maagnas ang laman sa unang pinaglibingang lupa. Dinala ang banga ng mga kamag-anak ng yumaong nakalagak dito sa kuweba ng Manunggul.

May paniniwala ang ating mga ninuno na ang kuweba ay daan sa kalangitan. Sa takip ng banga na ito ay matutunghayan ang isang bangka na tila naglalayag sa dagat. May dalawang taong lulan ito. Ang nasa unahan ay may tali sa ulo at nakahalukipkip. Ang tao sa likuran nito ay nagsasagwan, nagpapahiwatig na sila ay patungo sa kabilang ibayo. Ang nagsasagwan ng bangka ay itinuturing na isang babaylan na inihahatid ang namatay sa kabilang buhay.

Sa pusod ng dagat mahuhulog ang bangkay at ang kaniyang kaluluwa ay sasaluhin naman ng malaking balangay. Ang balangay ay siyang sasakyan ng mga kaluluwa. Ito ay hinihila ng araw tuwing bukang liwayway sa papawirin mula silangan patungong kanluran na siyang lubugan ng araw. Tila baga inaalagaan ng mga yumao ang mga naiwan sa lupa at gayundin naman, laging naaalaala ng mga nabubuhay ang mga nauna sa kanila.

Sa labi ng sinasabing banga ay may mga palamuting pako. Ito ay halaman na ginagamit sa pagdedekorasyon ng kabaong. Ayon sa mito, ang halamang pako ay nagsisilbing balag - isang hagdan papunta sa langit.

Ang Bangang Manunggul ay nagpapakilala sa atin na noong unang panahon, humigit-kumulang na isang libong taon bago pa man ipinanganak si Jesucristo ay may kaayusan na ang ating pamayanan. Ito ay makikita sa pagdiriwang at paghahanda ng libing. Dalawa ang pinaglilibingan: (1) una

ay sa lupa, at (2) pangalawa ay sa bangang kabaong. Siguradong may ritwal sa paglilibing at kung gayon ay may gumaganap ng ritwal na kilala bilang babaylan.

Ang paglilibing ng mga Pilipino ay nagpapahayag ng kaniyang pananaw sa buhay. Ang tao ay may buhay: may katawan at may kaluluwa. Ang katawan ay namamatay, naaagnas at nabubulok, bumabalik sa alabok na kaniyang pinanggalingan. Sa loob ng katawan ay may kaluluwa. Ito ay nagbibigay buhay at nagpapagalaw sa katawan ng tao. Ito rin ang batis ng buhay. Kapag namatay ang katawan ng tao, ang kaluluwa ay yumayao o umaalis o pumapanaw. Nagpapatuloy ang buhay sa pagbabagong-anyo. Sa langit tumutungo ang kaluluwa, kaya't mayroon tayong kasabihan at panalangin kapag may namatay, "Sumalangit nawa ang kaniyang kaluluwa."

Ang pag-aaral ni Jeffrey Alfaro Lubang, na may pamagat na "Pantyon: Ilang Pamahiin, Tradisyon, at Kuwento ng Paglilibing sa Kabite," ay mahalagang ambag sa mga sulatin tungkol sa kultura ng paglilibing sa Pilipinas. Muli niyang sinariwa ang sinaunang ganapin sa paglilibing; marami dito ay umiiral pa rin.

Ang paglilibing ay isa lamang yugto ng buhay ng tao. Ang Pantyon, isang panimulang pag-aaral ng paglilibing sa Pilipinas at higit sa lahat sa Kabite ay isa na ring mahalagang hakbang o yugto sa pananaliksik sa ating kasaysayan na may saysay.

Prospero R. Covar

Prospero R. Covar, Ph.D.
Propesor ng Aghamtao
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Saliksik sa Pantyon

Humigi't kumulang sa sampung taon na ang nakalilipas buhat nang magsimula ang kampanya ng Cavite Studies Center ng De La Salle University-Dasmariñas upang itanyag ang kasaysayan at kultura ng mga Kabitenyo. Kabilang sa mga kampanya nito ang pagsasaliksik at paglalathala ng mga aklat na magsisilbing patnubay sa mga kabataan at sa mga nais pag-aralan ang pagkakakilanlan ng Kabite. Buhat noong 1996 ay nagsimulang maglathala ng mga aklat ang Sentro hanggang sa ito'y maging regular na programa taun-taon.

Mula nang magsimula ang Sentro sa paglalathala ng mga aklat ay karaniwang nakatuon ito sa kasaysayang pambayan at panlalawigan. Hindi karaniwang nagiging pokus ang pag-aaral ng kultura, literatura, at sining ng Kabite sapagkat kinakailangan pa ang higit na espesyalisasyon ng mga guro ng DLSU-D tungkol sa mga ito. Nang maging bahagi ng Sentro si Dr. Efren Abueg bilang writer-in-residence ay nabuksan ang pagkakataon sa Sentro upang makapagsaliksik at makapaglathala tungkol sa literaturang Kabitenyo. Sa kasalukuyang taon ay muling naulit ang pagkakaroon ng isang pagkakataon. Ito'y ang pagkakapasok ni G. Jeffrey Lubang sa Sentro. Si Ginoong Lubang ay may malawak na karanasang kuratoryal mula sa Pambansang Suriang Pangkasaysayan (National Historical Institute) at napadestino sa Dambanang Emilio Aguinaldo sa Kawit at sa Bahay na Pinaglitisan kay Bonifacio sa Maragondon. Siya ay nagtapos ng masterado na nagpokus sa pag-aaral ng mga simbulismo sa Kabite. Ang kanyang pagiging taal na Kabitenyo at ang malawak na eksposyur sa mga bayan-bayan ukol sa kanilang mga kaugalian at paniniwala ang nagbigay sa kanya ng malawak na pananaw upang maunawaan ang world view ng mga Kabitenyo. Dahil dito, naniniwala akong si Ginoong Lubang ay masasabing awtoridad sa pag-aaral ng kultura ng Kabite. Ito ay pinatunayan niya sa kanyang unang aklat na pinamagatang ***Anting-anting sa Kabite*** na naisaaklat noong 2006.

Ngayong 2007, muling itinatanghal ng Cavite Studies Center ng De La Salle University-Dasmariñas ang ikalawa niyang obra na pinamagatang ***PANTYON: Ilang Pamahiin, Tradisyon, at***

Kuwento ng Paglilibing sa Kabite. Ang aklat na ito ay napapanahon sapagkat unti-unti nang naglalaho sa isipan ng mga Kabitenyo ang kanilang kaugalian at pagpapakahulugan ukol sa paglilibing. Ito marahil ay dahil sa dami ng dumarayo ngayon sa Kabite dulot ng modernisasyon. Ang pagkakaroon ng maraming oportunidad sa trabaho dulot ng industriyalisasyon, ang pagbubukas ng mga kilalang paaralan, ang kumbersyon ng mga lupang agrikultural tungo sa residensyal at komersyal, ay mga bagay na nakaapekto sa unti-unting paglimot sa tradisyong Kabitenyo.

Ang aklat na ito ni Ginoong Lubang ay isang halimbawa kung papaano nakikialam ang isang pamantasan upang masagip ang naglalahong kaisipan ng lipunan. Mapalad ang Kabite sapagkat may mga taong tulad ni Ginoong Lubang na nagbibigay ng panahon upang ma-preserve ang kanilang kaugalian, may pamantasan tulad ng De La Salle University-Dasmariñas na naglalayong tangkilikin ang mga gawaing ganito, na siyang nagsisilbing tulay upang ang bunga ng mga pagsasaliksik sa Kabite ay mapalaganap at mabasa ng mga kabataan.

Emmanuel F. Calairo, Ph.D.
Direktor, Cavite Studies Center
De La Salle University-Dasmariñas

Mula sa May-akda

Ang proyektong ito ay bunga ng isang masidhing mithiin na huwag maibaon sa limot ang mayamang kultura ng mga taga-Kabite sa larangan ng paglilibing. Bakit Pantyon? Mula pa sa pagkabata ang salitang ito'y madalas nang naririnig sa mga matatanda na ang pakahulugan ay sementeryo o libingan. Ginagamit din ito sa Kabite na may pakahulugang pinaglibingan o nitso ng patay. Ayon sa isang diksyunaryo, ito ay nagmula sa salitang "Pantheon", na ang kahulugan ay libingan ng mga dakilang tao (New Vicassan's English-Pilipino Dictionary, 1995). Maraming katawagan ang sementeryo sa Pilipinas, sa mga Tagalog ito ay "libingan", sa mga Cebuano ito ay "lubnganan"; "lubong"; o "pantiyon", sa mga Hiligaynon ay "lulobngan", sa mga Ilokano ay "tanem", sa mga Ilonggo ay "lulubngan", sa mga Pampango ay "pantiyon"; "libingan", at sa mga Pangasinense ay "lubok" (The New Philippines Comprehensive Dictionary, 2001-2003 edition). Marahil, dahil nga sa impluwensiyang dayuhan, sa Kabite ay tinatawag din itong "pantyon(g)" mula sa salitang "panteon" ng mga Kastila.

Umusbong ang interes ng may-akda tungkol sa mga pantyon noong una siyang napadpad sa Sementeryo del Norte sa Maynila, isang mainit na hapon kasama ang isang kaibigan na bihasa sa mga lugar pasyalan sa nasabing lungsod. Namangha siya nang matuklasan na parang isang museo ng kasaysayan ang nasabing pantyon. Maraming kilalang tao sa lipunan

na nakahimlay roon. Matatagpuan ang pantyon ng ilan sa mga naging pangulo ng ating bansa katulad nina Manuel Roxas, Ramon Magsaysay, at Manuel L. Quezon sa Sementeryo del Norte (bagama't nailipat na sa isang Pang-alaalang Dambana ang huling binanggit). Kapuna-puna sa mga pantyon sa Pilipinas ang antas na kinabibilangan sa lipunan ng mga yumao. Mayroong mga nakalibing sa magagarang musoleo na napaliligiran ng mga rebultong anghel at mga santo, at mayroon din namang nakalibing sa lupa at tila ba nakalimutan na ng panahon.

Sementeryo o mga pook na pinaglilibingan ang madalas na kahulugan ng salitang pantyon. Bilang paglilinaw, ginamit sa proyektong ito ang salitang pantyon bilang tawag din sa mga puntod, nitso, musoleo, o indibidwal na libingan. Sa pagmamasid ng may-akda sa kapaligiran, partikular na sa lalawigan ng Kabite, isa sa kanyang napansin ang paniniwala ng mga taga-Kabite na mahalagang parangal para sa isang tao na namayapa na ang mahandugan ito ng isang disente at maayos na libing.

At bukod pa rito, maraming mga paniniwala na isinasagawa bago ang paglilibing – dahil nagsisilbi itong paghahanda para sa huling biyahe ng isang mahal sa buhay. Inaasahang makapagbabahagi ang proyektong ito ng kahit na kaunting kaalaman sa kaban ng pag-aaral ng kasaysayan at kultura - ayon sa karanasan ng mga Kabitenyo.

Jeffrey Alfaro Lubang

PASASALAMAT

Mga Institusyon: Pasasalamat sa Cavite Studies Center, Pamantasan ng De La Salle-Dasmariñas, Cavite Historical Society, Inc., Pambansang Suriang Pangkasaysayan, Pambansang Aklatan, Pamahalaang Lungsod ng Maynila (para sa mga larawan at mapa ng Sementeryo del Norte-Maynila), Simbahan ng San Agustin-Intramuros, Department of Tourism-NPDC (para sa mga larawan ng Sementeryo ng Paco) at Order of Saint Vincent de Paul (para sa mapa ng Sementeryo ng Paco). Gayon din sa lahat ng mga Pampubliko at Katolikong Sementeryo na nabanggit sa proyektong ito kabilang ang mga sumusunod: Santa Cruz Memorial Park (Tanza), Holy Rosary Eternal Garden (Tanza), Angelus Eternal Garden (Bakoor), Doña Gregoria Memorial Park (Kawit), Himlayang Caviteño (Lungsod ng Kabite), at Nazarene Eternal Garden (Naik);

Mga Indibidwal: G. Cesar E.A. Virata, G. Guillermo "Ige" G. Ramos Jr., Dr. Emmanuel F. Calairo, Dr. Efren R. Abueg, Dr. Florentino H. Hornedo, Dr. Prospero R. Covar, Dr. Estrellita V. Gruenberg, Dr. Veronidia L. de Leon, Dr. Mark Edwin T. Aspra, Prop. Teresita P. Unabia, Dr. Jose "Joey" A. Arrogante, Prop. Ambeth R. Ocampo, G. Ludovico D. Badoy, Prop. Aquino I. Garcia, Prop. Rosanni R. Sarile, Prop. Roland Lorenzo M. Ruben, G. Oliver Dumlao, Gng. Neriza M. Villanueva, G. Michael C. Francisco, Gng. Mylene B. Delatado, at Earl Vincent Octaviano. (Heneral Trias) G. Romulo Trias Viniegra, Gng. Mellie Sadsarin Viniegra, Fr. Virgilio "Vir" Saenz Mendoza, G. Francisco "Kikoy" Grepo Descalso, Gng. Elena "Lenny" Palompo Mendoza, Gng. Mirasol Monton dela Cruz, Bb. Marcelina "Ake" Closas Clamor, Gng. Maria Perla "Perlita" Rezare Parin, G. Albert Trias, Gng. Luisita "Uchie" Viniegra delos Santos, Gng. Gloria Presa Soberano, Bb. Norlyn Presa, Gng. Belen M. Pariño, G. Erdie R. Saquilayan. (Rosario) Gng. Felisa Gonzales Pascual, Bb. Florife Gonzales Pascual. (Tanza) Pamilya Montano, Bb. Nena Arañas, Atty. Rosario Jimenez Valencia, Gng. Cresenciana "Sianang" del Rosario, G. Jaime Pulido Aratan, G. Alberto "Boy" V. Custodio, G. Benjamin Arayata, G. Arlan Arcaira, G. Arnel Rivera, G. Alejandro Tulabo, Gng. Edith Lerio. (Bakoor) Pamilya Revilla, G. Jericho Hipona. (Imus) Gng. Pilar

N. Villanueva. (Kawit) Engr. Romeo "Romy" C. Janairo, Pamilya Poblete, Gng. Brenda B. Mojica, G. Alvin R. Alcid; Gng. Gina G. Ayran, G. Joselito Medina. (Nobeleta) G. Dario Trajico, G. Dante Alvarez, Gng. Consolacion P. Villanueva. (Lungsod ng Kabite) Pamilya Diwa, G. Luisito "Chito" de Leon Fernandez, Gng. Mirinisa Baylen Fernandez, Pamilya Tirona, Bb. Elsa Pamiza, G. Dionisio de Lara, Jr., Bb. Araceli Giron Reyes. (Maragondon) Dr. Oscar R. Malimban, Pamilya Riego de Dios, Pamilya Somoza, G. Manuel Ma. Angeles. (Naik) G. Ryan Nazareno Sebastian, Pamilya Velasco, Pamilya Arenas, Pamilya Lopez, Pamilya Peña. (Indang) Bb. Norma delas Alas, Gng. Lynn Guevarra Penales, G. Gener D. Perido, G. Daniel Anciano. (Dasmariñas) G. Frank Dadula, Gng. Esther Manicio Dadula. (Silang) Dr. Amelia D. Reyes, Gng. Penny R. Lejos, Gng. Josephine L. Cruz. (Ternate) G. Rommel N. Mojica. (Alfonso) Fr. Bernardo Gacelo. (Maynila) G. Bayani S. Abadilla, G. Magtanggol S. Abadilla, Bb. Malaya S. Abadilla;

Kina Prop. Jesus "Jigs" A. Medina, G. Lirio Salvador, at Bb. Tita "Tata" V. Lim salamat sa pagsama ninyo sa biyaheng ito at kay G. Wilfredo "Willy" B. Pangilinan, kasamang nagsaliksik ng ilang mahahalagang larawan at datos na napasama sa proyektong ito.







Unang Kabanata

Ilang Piling Tradisyon sa Kamatayan at Paglilibing sa Pilipinas

"Kamataya'y iyong paksang nuusal:
Di puwe-de!-Pano'y
Hindi ka pa buhay!"

-Buhay at Panitikan,
Tanagabadilla

MAY BAGONG EDISYON[1]

Teo S. Baylen

Ang tunay na ako'y walang kamatayan!
Ang kaanyuan ko
Na inyong iniwan
Sa puntod na ito
Ay ang matutunaw na pabalat lamang.

Ang buhay ko'y isang aklat na naluma.
Titik ay binukbok,
Tahi ay nasira,
Dahon ay nagapok,
At akong natira'y pagkain ng lupa.

Subali, ang paksa ay di maglalaho
Pagkat ang Kumatha'y siyang nagtatago.
Kaya, may panahong
Sa dako pa roong
Di abot ng kuro
Ay tanaw ng puso,
Muling matututon
Ang anyong nabaon.

At ang lamang kathang narumha't lumabo
Ay bagong edisyong di na maglalaho!

III 60495 fd

THE NATIONAL LIBRARY – FILIPINIANA

MAY BAGONG EDISYON[1]

Teo S. Baylen

Ang tunay na ako'y walang kamatayan!
Ang kaanyuan ko
Na inyong iniwan
Sa puntod na ito
Ay ang matutunaw na pabalat lamang.

Ang buhay ko'y isang aklat na naluma.
Titik ay binukbok,
Tahi ay nasira,
Dahon ay nagapok,
At akong natira'y pagkain ng lupa.

Subali, ang paksa ay di maglalaho
Pagkat ang Kumatha'y siyang nagtatago.
Kaya, may panahong
Sa dako pa roong
Di abot ng kuro
Ay tanaw ng puso,
Muling matututon
Ang anyong nabaon.

At ang lamang kathang narumha't lumabo
Ay bagong edisyong di na maglalaho!

#60495 fd

THE NATIONAL LIBRARY – FILIPINIANA

sa paglilibing. Itinutuloy ang pagdarasal para sa yumao kahit natapos na ang paglilibing: ***atluan*** (ikatlong araw), ***siaman*** (ikasiyam na araw), at ***lukasan*** (ikaisang taon mula nang mamatay ang kaanak).[5]

Sa ikatlong araw, sa bayan ng San Luis, Pampanga, matapos ang paglilibing sa yumao, nagbubukod ang mga kapamilya ng isang upuan para sa namayapa, nilalagyan ang pinggan na inihahain ng abo at tatakpan ito ng dahon ng ***cacaricutcha*** – mabisa raw itong paraan upang magbigay ng mga palatandaan ang yumao kung saan matatagpuan ang nakatagong kayamanan.[6] Sa ikasiyam na gabi naman matapos ang paglilibing, maglalagay ang mga kapamilya ng pagkain sa pinggan na inilaan para sa yumao at mag-aalay ang bawat isa na mauupo sa hapag kainan ng isang panalangin para sa kapayapaan ng kaluluwa ng yumao.[7]

MANOBO[8]

Matatagpuan sa Mindanaw ang mga katutubong Manobo. Ilan sa mga pamamaraan sa kanilang tradisyon ng paglilibing ay:

a.) Pansamantalang paglilibing ng bangkay sa bahay;

b.) Paglilibing ng bangkay sa lupa hanggang sa maging buto na lamang ito;

c.) Paghuhukay sa bangkay, paglilipat sa tapayan at paglilibing sa yungib.

TAUSUG[9]

Mayroong apat na hakbang na sinusunod ang mga Tausug sa paglilibing ng isang yumao:

a.) ***Sutchihon*** – pagpapaligo ng bangkay;

b.) ***Saputon***- pagbabalot sa tela ng bangkay;

c.) ***Sambahayang Mayat***- pag-aalay ng panalangin sa namayapa;

d.) ***Magkubol***- paglilibing ng bangkay.

T'BOLI[10]

Para sa mga T'boli ng Timog Kotabato, ang pagpanaw ng isang tao ang hudyat ng permanenteng paghiwalay ng espiritu ng tao sa kanyang katawan. Kagagawan ito ng ***busao*** (masasamang espiritu) o maaaring bilang parusa na iginawad ng mga diyos.

BAGOBO[11]

Naniniwala ang mga Bagobo na ang isang mahabang pag-ulan (tumatagal ng ilang araw) ang hudyat na naghihintay ang ***gimokud*** (kaluluwa ng yumao) ng isang kaibigang makakasama. Sa mga ganitong pagkakataon, isang ritwal ang isinasagawa upang mapayapa ang nasabing namatay.

IFUGAO[12]

Para sa mga Ifugao, nagtutungo sa alin man sa mga lugar na ito ang kaluluwa ng isang yumao: ***kadungayan***, ***mappolwa***, o ***tulpukan***. Sinasabing ang mga nabanggit na lugar ang tirahan ng mga ninuno at siyang patutunguhan ng lahat pagkatapos na mamatay.

TAGALOG

Kabilang sa mga nawawalang tradisyon ng mga taga-Katagalugan ang pangangaluluwa. "***Mangangaluluwa***" ang tawag sa grupo ng mga taong nagsasagawa nito, na kumakatawan sa mga taong namayapa na at gumagala sa kalupaan. Gawain nila ang manghingi ng limos at magbiro sa mga may-ari ng bahay na kanilang nasusumpungan. Sa mga pagkakataong hindi pinapansin ng may-ari ng bahay ang mga mangangaluluwa, kinukuha ng mga ito sa tinapatang bahay ang mga ari-arian katulad ng manok at iba pang alagang hayop. Sa Bulakan, ayon kay Nicanor G. Tiongson, kinakatawan ng mga tumatapat sa mga bahay tuwing may pangangaluluwa ang mga kaluluwa ng matatandang binata at dalaga na isinumpang magbabayo ng ipa ng palay bilang parusa sa hindi nila pag-aasawa. Ang sumusunod ang titik ng awit na tradisyunal na kinakanta ng mga mangangaluluwa sa Bulakan:

Kaluluwa kaming madla
Ng dalagang matatanda,
Ang kasamang gumagala
Ay binatang matatanda.
Kami po'y mga kaluluwa
Na nagbabayo ng ipa
Kami raw ay nagkasala
Pagkat hindi nag-asawa.
Sa Langit ang aming gawa
Ay mag-alaga ng bata
Kami'y nanaog sa lupa
Para hulugan ng awa.[13]

Sa mga nagdaang panahon ay unti-unti nang naglalaho ang nasabing tradisyon. Marahil bunga ng pagsulong ng teknolohiya, natabunan ang mga ganitong gawain ng pagbabago sa mga uri ng paniniwala ng mga tao sa lipunan.

Ilang Tradisyon Noong Panahon ng mga Kastila at Amerikano

Ayon sa aklat ni Teodoro A. Agoncillo, ang *La Funeraria* ay sinasabing pinakaunang punerarya na itinatag sa Pilipinas.[14] Ito ay nag-aanunsyo na ang kanilang mga kabaong ay yari pa sa Europa at sila ay nagsasagawa ng pag-eembalsamo.[15] Ang nasabing establisimiyento ay itinatag ni G. Carlos March sa Maynila noong taong 1883.[16] Mayroong binanggit na kalakaran sa paglilibing noong panahon ng paghiwalay ng Pilipinas sa Espanya at pagpasok ng mga Amerikano sa aklat na *Turn of the Century* ni Gilda Cordero Fernando.[17] Isang punerarya na pag-aari ni G. Feliciano Quioge na matatagpuan sa Kalye Salazar, Trozo Blg. 2, ang nag-aalok ng marangyang paglilibing para sa yumao.[18] Sinasabi sa aklat na binubuo ang serbisyo ng isang karuwahe para sa bangkay na may apat na kabayong humihila, isang makinang o makintab na kabaong, apat na taga-alalay at isang bukod na karuwahe para sa pamilya ng namatay.[19] Nagkakahalaga ang nasabing serbisyo ng 85 piso at dagdag pa ng aklat, naaayon sa halagang ibabayad ng namatayan ang kasuotan ng pari at ang haba ng panalangin para sa yumao.[20] Inililibing ang isang pangkaraniwang tao sa pantyon kapag nagbayad ang pamilya nito ng halagang 30 piso, bukod pa rito ang singil sa misa o padasal (kasama ang pagkalembang ng kampana) sa bayad ng paglilibing.[21] Matatandaang ang mga orden ng mga prayle ang may pag-aari at nangangasiwa sa mga pantyon noong unang panahon.

Ang mga Leproso ng Culion

Sa pulo ng Culion na nasa Look ng Coron, isang bahagi ng kapuluan ng Mindoro-Palawan, na may 200 milya ang layo mula sa timog ng Maynila,[22]ay mayroong isang komunidad ng mga taong may sakit na ketong na naitatag dahil sa isang batas noong 1905 na tinatawag na *Culion Leper Colony Reservation*.[23] Dalawang uri ng mamamayan ang nakatira doon: ang mga "leproso" (ketongin) at "sano" (mga tagapag-alaga ng mga ketongin).[24] Dahil sa matinding takot ng mga Amerikano sa pagkalat ng nakahahawang sakit na ito, ang pamahalaan mula noong 1913 hanggang mga 1920 ay nagpalabas ng bukod na pananalapi sa nasabing lugar.[25] At kahit sa huling hantungan, magkabukod ang pantyon ng mga maysakit na ketong sa ibang naninirahan dito.[26]

Sa mga nagdaang panahon ay unti-unti nang naglalaho ang nasabing tradisyon. Marahil bunga ng pagsulong ng teknolohiya, natabunan ang mga ganitong gawain ng pagbabago sa mga uri ng paniniwala ng mga tao sa lipunan.

Ilang Tradisyon Noong Panahon ng mga Kastila at Amerikano

Ayon sa aklat ni Teodoro A. Agoncillo, ang *La Funeraria* ay sinasabing pinakaunang punerarya na itinatag sa Pilipinas.[14] Ito ay nag-aanunsyo na ang kanilang mga kabaong ay yari pa sa Europa at sila ay nagsasagawa ng pag-eembalsamo.[15] Ang nasabing establisimiyento ay itinatag ni G. Carlos March sa Maynila noong taong 1883.[16] Mayroong binanggit na kalakaran sa paglilibing noong panahon ng paghiwalay ng Pilipinas sa Espanya at pagpasok ng mga Amerikano sa aklat na *Turn of the Century* ni Gilda Cordero Fernando.[17] Isang punerarya na pag-aari ni G. Feliciano Quioge na matatagpuan sa Kalye Salazar, Trozo Blg. 2, ang nag-aalok ng marangyang paglilibing para sa yumao.[18] Sinasabi sa aklat na binubuo ang serbisyo ng isang karuwahe para sa bangkay na may apat na kabayong humihila, isang makinang o makintab na kabaong, apat na taga-alalay at isang bukod na karuwahe para sa pamilya ng namatay.[19] Nagkakahalaga ang nasabing serbisyo ng 85 piso at dagdag pa ng aklat, naaayon sa halagang ibabayad ng namatayan ang kasuotan ng pari at ang haba ng panalangin para sa yumao.[20] Inililibing ang isang pangkaraniwang tao sa pantyon kapag nagbayad ang pamilya nito ng halagang 30 piso, bukod pa rito ang singil sa misa o padasal (kasama ang pagkalembang ng kampana) sa bayad ng paglilibing.[21] Matatandaang ang mga orden ng mga prayle ang may pag-aari at nangangasiwa sa mga pantyon noong unang panahon.

Ang mga Leproso ng Culion

Sa pulo ng Culion na nasa Look ng Coron, isang bahagi ng kapuluan ng Mindoro-Palawan, na may 200 milya ang layo mula sa timog ng Maynila,[22]ay mayroong isang komunidad ng mga taong may sakit na ketong na naitatag dahil sa isang batas noong 1905 na tinatawag na *Culion Leper Colony Reservation*.[23] Dalawang uri ng mamamayan ang nakatira doon: ang mga "leproso" (ketongin) at "sano" (mga tagapag-alaga ng mga ketongin).[24] Dahil sa matinding takot ng mga Amerikano sa pagkalat ng nakahahawang sakit na ito, ang pamahalaan mula noong 1913 hanggang mga 1920 ay nagpalabas ng bukod na pananalapi sa nasabing lugar.[25] At kahit sa huling hantungan, magkabukod ang pantyon ng mga maysakit na ketong sa ibang naninirahan dito.[26]

Pantyon at Kapilya ng Nagcarlan

Ang pantyon at kapilyang ito'y itinuturing na katangi-tangi noong panahon ng Kastila sa Pilipinas dahil sa maliit na bahagi nito ang nakalubog sa lupa na parang katakumba sa Europa. Itinatag ang simbahan noong 1752 (matatagpuan sa bayan), ang pantyon at kapilya naman ay ipinatayo noong 1845. Isa itong Pambansang Makasaysayang Lugar (National Historical Site) na pinangangasiwaan ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan (National Historical Institute).[28]

Pantyon at Kapilya ng Nagcarlan (koleksiyon ng Pambansang Surian Pangkasaysayan)



Simbahan ng San Agustin at Monasteryo

Natapos noong 1607, kilala ang Simbahan ng San Agustin bilang isang himlayan. Sa mga sahig at pader ng loob ng simbahan ay matatagpuan ang mga pananda o lapida ng ilan sa mga ninuno ng pinakamayayaman at maiimpluwensiyang pamilya sa Pilipinas.[29] Sa nabanggit na simbahan matatagpuan ang mga labi ng historyador na si Teodoro A. Agoncillo na yumao noong 1985.[30] Dagdag pa rito ang isang pantyon sa may bandang kaliwang gilid ng altar kung saan nakahimlay si Miguel Lopez de Legazpi, ang tagapagtatag ng Maynila.[31] Sa *Sala de Profundis*, isang silid na pinaglalagakan ng mga buto ng

yumao, matatagpuan ang mga labi ng dakilang pintor na si Juan Luna na inilagak doon noong ika-28 ng Marso 1953.[32] Ang nasabing huling hantungan ay mayroong pananda na nagsasaad nang ganito: JUAN LUNA y NOVICIO, Pintor y Patriota; N. Oct.23, 1857 M. Dec. 7, 1889.[33]

Sementeryo ng Paco

Itinatag noong taong 1823 sa dating lugar na tinatawag na ***Dilao***, binuksan ang nasabing pantyon ilang taon bago kumalat ang epidemya ng kolera.[34] Dahil sa mabilis na pagkalat ng sakit na ito, ang dating kinagawiang paglilibing sa loob ng simbahan ng mga kilala at mayayamang tao ng bayan at ang mga katutubong mahihirap naman sa labas na malapit sa may simbahan ay nabago dahil ang nasabing epidemya ay walang pinipiling biktima – mayaman o mahirap.[35] At sa takot ng mga kaparian na maging musoleo ang mga simbahan dahil sa dami ng mga namamatay ay pinahintulutan nila ang pagpapatayo ng isang pantyon sa labas at ito nga ang pinagsimulan ng Sementeryo ng Paco na itinatag ng mga paring Dominikano sa isang



Itaas: Ang may-akda kasama ng ilang kaibigan sa harap ng mga labi ni Miguel Lopez de Legazpi sa simbahan ng San Agustin (koleksiyon ng may-akda)

Ibaba: Pang-ala-alang Pantyon ng tatlong paring GomBurZa sa Sementeryo ng Paco (koleksiyon ng may-akda)

Ibabang kaliwa: Lumang larawan ng Sementeryo ng Paco (koleksiyon ng Pambansang Aklatan)



Itaas: Dating pinaglagakan ng bangkay ni Jose P. Rizal sa Sementeryo ng Paco (koleksiyon ng may-akda)

Kaliwa: Pantyon ni Marcelo H. del Pilar sa Bulakan (koleksiyon ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan)

bayan na tinatawag na *San Fernando de Dilao* na ngayon ay Paco.[36] Ang "Paco" ay sinasabing nagmula sa palayaw ng pangalang Francisco sa wikang Catalan, dahil nga mga Pransiskanong pari ang nagpapatakbo ng parokya ng Paco.[37]Hugis dalawang pabilog na istruktura ang disenyo ng pantyon na yari sa bato, na napalilibutan ng mga nitso sa paligid.[38] Nakalaan ang unang pader sa labas para sa mga Pilipino at ang ikalawa'y para naman sa mga Kastila.[39] Mayroong isang kapilya sa likod ang nasabing pantyon kung saan matatagpuan ang lugar para sa mga bata o *angelitos* at isang bahagi naman para paglagyan ng mga hinukay na buto ng mga bangkay o *osario*.[40] Sa nasabing lugar pansamantalang napalibing ang mga labi ng pambansang bayaning si Jose P. Rizal, bago ito inilipat sa kanyang monumento noong 1912. At makikita sa nasabi ring lugar, ang isang pang-alaalang pananda - alay sa kabayanihan ng tatlong Pilipinong pari na sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora (GomBurZa) na inilibing doon, matapos tumanggap ng parusang kamatayan. Sa kasamaang palad hindi na matunton ang kanilang eksaktong lugar na pinaglibingan.[41]

Mga Pantyong Dambana

Ilan sa mga dambanang pangkasaysayan na pinananatili ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan ay nagsisilbing mga huling hantungan din ng mga pambansang bayani ng Pilipinas. Ilang halimbawa ay ang Dambanang Emilio Aguinaldo sa Kabite, Dambanang Apolinario Mabini sa Batangas, at ang Dambanang Marcelo H. Del Pilar sa Bulakan. Ang Dambanang Jose Rizal naman sa Laguna ang pinaglipatan ng mga buto ng mga magulang ng pinakapopular na bayani ng bansa.[42]

Isang Natatanging Musoleo sa Maynila

Ang *Manila Film Center*, isa sa mga gusaling ipinatayo ng rehimeng Marcos noong 1982 para sa *Manila International Film Festival* ay tinatayang nagkakahalaga ng 25 milyong dolyar.[43] Isang aksidente ang naganap dito habang ito ay itinatayo at upang hindi maabala ay iniutos daw ni Gng. Imelda R. Marcos na buhusan ng kongkreto ang mga katawan ng mga manggagawang naaksidente upang hindi maantala ang patrabaho.[44] Sinasabi rin na ang gusaling ito ay pinamamahayan ng mga multo kung kaya't ito ay ipina-*exorcise* ni Ginang Marcos at makalipas ang ilang taon ang gusali ay idineklarang kondenado dahil sa maling pagkakatayo.[45] Sa ngayon ang nasabing gusali ay itinuturing na isang musoleo ng mga taong namatay at napalibing doon.


BARRIO
TAGAYTAY
By: ERDIE R. BAQUILAYAN
GATE 3
GATE 4
LA LOMA CATHOLIC CEMETERY
CHINESE CEMETERY
STREET
AVENUE
NURSERY PARK
TREE BABY NICHE



Itaas: Mapa ng Sementeryo ng Paco (koleksiyon ng Order of Saint Vincent de Paul)

Kaliwa: Mapa ng Sementeryo del Norte, Maynila (koleksiyon ng Pamahalaang Lungsod ng Maynila)

Itaas: Sina Juanito Labanan, Marcelo Reyes, Filemon Dacayo, Pedro Serrano, Miguel Ramos, Alfonso dela Cruz, Peregrino Puyat, at Gaudencio Aquino - mga sepulturero ng Sementeryo del Norte, Maynila, larawang kuha noong Oktubre 28, 1961 (koleksiyon ng Pambansang Aklatan)

Ibaba: Paghahanda sa Araw ng mga Patay, walang petsa at lugar (koleksiyon ng Pambansang Aklatan)



Itaas: Isa sa mga makikita sa Dambanang Apolinario Mabini ng Tanauan, Batangas ay ang kabaong na ginamit sa paglilipat ng kanyang buto mula sa Sementeryo del Norte, Maynila (koleksiyon ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan)

Ibaba: Pantyon ni Apolinario Mabini sa dambanang pang-alaala sa kanya sa Batangas(koleksiyon ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan)



TALAHULI

[1] Teo S. Baylen, "May Bagong Edisyon," sa Pinsel at Pamansing, 1967, p. 73.

[2] Filipino Heritage, Volume 5. s.v. "The Soul Boats," by Alfredo E. Evangelista.

[3] Sonia M. Zaide, The Philippines: A Unique Nation. Second Edition. (Quezon City: All Nations Publishing Co., Inc., 1999), p.69.

[4] Ibid. Ang paglilibing sa mga yungib at ang paglilibing sa mga tapayan ay sinasabi rin ni Evangelista na magkasabay na isinasagawa ng mga katutubo sa gitnang bahagi ng Pilipinas.

[5] Singsing, Vol. 2 No. 1, p. 10. (Lathalain ng Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University, Angeles City, Pampanga). Hango sa orihinal na akda ni Demetria Santos, "Social Functions in Mexico," 1917, ito ay bahagi ng Philippine Folklore, Social Customs and Beliefs (unpublished) ni H. Otley Beyer, Volume IX (Pampanga).

[6] Ibid. Hango sa orihinal na akda ni Vicente Punsalang, "Customs of the People of San Luis Concerning their Dead," 1917, ito ay bahagi rin ng Philippine Folklore, Social Customs and Beliefs (unpublished) ni H. Otley Beyer, Volume IX (Pampanga).

[7] Ibid.

[8] Filipino Heritage, Volume 1. s.v. "Salangsang Urn Burials," by Samuel M. Briones and Lionel T. Chiong.

[9] Norma Abubakar Abdulla, The Food and Culture of the Tausug. (Manila: CEU Research and Development Center, 1989), pp. 108-110.

[10] Filipino Heritage, Volume 2. s.v. "Folk Heavens: Indigenous Philippine Concepts of the Afterlife" by Gabriel Casal, OSB.

[11] Ibid.

[12] Ibid.

[13] Filipino Heritage, Volume 9. s.v. "Lamenting the banishment of a colorful comic tradition: Pangangaluluwa," by Nicanor G. Tiongson.

[14] Teodoro A. Agoncillo, History of the Filipino People. (Quezon City: Garotech Publishing, eighth edition, 1990), p.96.

[15] Ibid.

[16] Ibid.

[17] Gilda Cordero Fernando, Turn of the Century. (Quezon City: GCF Books, 1978), p. 106.

[18] Ibid.

[19] Ibid

[20] Ibid.

[21] Ibid.

[22] Maria Cristina Verzola Rodriguez, ed., Culion Island: A Leper Colony's 100 year Journey Toward Healing. (Makati City: Culion Foundation, Inc. 2003), p. 14.

[23] Ibid., p.55.

[24] Ibid., p.61.

[25] Ibid., p.62.

[26] Ibid.

[27] Mary Racelis and Judy Celine Ick, eds.,

Bearers of Benevolence: The Thomasites and Public Education System in the Philippines. (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2001), p. 46.

[28] CCP Encyclopedia of Philippine Art, Volume III. s.v. "Nagcarlan Church and Cemetery," by R. Javellana.

[29] Pedro G. Galende and Regalado Trota Jose, San Agustin Art and History 1571-2000. (Manila: San Agustin Museum, 2000), p. 76.

[30] Ibid., p.110.

[31] CCP Encyclopedia of Philippine Art, Volume III. s.v. "San Agustin Church and Monastery," by R. Javellana.

[32] Carlos E. Da Silva, Juan Luna y Novicio: First Internationally Known Filipino Painter. (Manila: National Historical Institute, 1977), pp. 37-38. Ang "N" ay nacio o petsa ng kapanganakan at ang "M" ay muerto o petsa ng kamatayan. Binanggit din ito sa aklat nina Pedro G. Galende at Regalado Trota Jose na San Agustin Art and History 1571-2000.

[33] Ibid.

[34] CCP Encyclopedia of Philippine Art, Volume III. s.v. "Paco Cemetery," by R. Javellana.

[35] Pastor S. Tinio, Jr., "A Brief History of Paco Park " National Parks Development Committee. (Mimeographed)

[36] Ibid.

[37] Ibid.

[38] Javellana, "Paco Cemetery"

[39] Ibid.

[40] Ibid.

[41] Ibid. Ang matatagpuan sa loob ng Sementeryo ng Paco ay isang krus na pananda bilang alaala sa pagkakalibing dito ng tatlong paring Pilipino. Walang makapagsabi kung saan ang eksaktong lugar na kanilang pinaglibingan.

[42] Mula sa musoleo ng pamilyang Rizal sa Sementeryo del Norte, Maynila, inilipat ang mga labi nina Francisco Mercado at Teodora Alonzo sa kanilang dating tahanan sa Kalamba, Laguna noong panahon ng sentenaryo ng kalayaan ng Pilipinas (1998).

[43] Gerard Lico, Edifice Complex: Power, Myth, and Marcos State Architecture. (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003), p. 122.

[44] Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Volume 9. s.v. "A nation reborn," A. Magno.

[45] Lico, "Edifice Complex"



Ikalawang Kabanata

Ilang Pamahiin Tungkol sa Kamatayan at Tradisyon ng Paglilibing sa Kabite

IBIG KO NANG MAMAHINGA[1]

Alejandro G. Abadilla

Liwanag,
oo, may ilaw ka sa mga mata mo,
At ang iyong dugo'y tulang dumadarang sa kaluluwa
ko.
Subali,
Ang ibig ko pa ri'y manatili ako
sa karimlang ito.

Tunay nga,
ikaw sa buhay ko'y mahalagang hiyas
at di ko na ibig na mapawalay pa sa iwi mong dilag;
subali,
ewan nga kung bakit sa dilim ng palad
ako sumasadlak.

Sa iyo,
kung tumutugtog ka'y ibig kong sumaliw
at magsaya na ring indakan ang inyong baliw na
tugtugin;
subali,
bakit kaya ako'y lagi ring alipin
ng mutya kong dilim?

Magsaya?
nguni ayoko ring ako'y magsaya pa-
ang buhay sa mundo ay isang hiwagang
nakapagtataka.
Bakit nga,
kahit sa tuyot kong buhay ay lahat ka-
ayokong magsaya.

A kasi,
Ako ay handa na sa iisang pakay,
Ang magpahinga na: matulog, humimlay sa kanyang
kandungan!
Sapagkat
sa gayon ko lamang mapatutunayang
ako ay nabuhay.

Maraming pamahiin ang patuloy na umiiral tungkol sa kamatayan at paglilibing sa Kabite. Sa pagsasaliksik ng may-akda ay gumamit siya ng mga panayam upang malaman ang ilan sa mga pamahiin at kaugalian ng mga Kabitenyo tungkol sa mga ito. Ang mga sumusunod ang ilan sa mga pangkaraniwang pamahiin at tradisyon na umiiral at patuloy na pinaniniwalaan sa lalawigan.

Mga Pangitain ng Kamatayan

Ang mga taga-Kabite ay may paniniwala tungkol sa mga pangitain ng kamatayan. Ang isa sa mga popular na pangitain kapag ang isang tao ay malapit nang pumanaw ay ang kawalan ng kanyang ulo habang naglalakad. Ang sinasabing pangontra dito ay ang pagbaliktad ng kanyang damit na suot o ang pagpansin (o gugulatin siya) ng taong makakakita na siya ay naglalakad na walang ulo. Ang pag-alulong daw ng isang aso ay isang senyal na may mamamatay sa isang lugar. Ang asong umaalulong ay binubugaw o sinasaway upang mailihis ang pagdating ni Kamatayan. Ang amoy ng kandila ay isa ring hudyat nito. Pinaniniwalaan ding ito ay senyal ng pagpaparamdam ng isang kaanak na yumao na nalalapit na ang anibersaryo ng kanyang kamatayan o isang mahalagang okasyon sa nagdaang buhay ng namayapa. Kadalasang padasal o pamisa ang itinutugon dito ng mga naiwang kamag-anak. Ang paruparong itim ay isang senyal din na isang kamag-anak o mahal sa buhay ang mamamatay o malalagay sa bingit ng kamatayan.

Burol ni Mariano Layapan Belen, dating punong-bayan ng Silang, Kabite (1949-1953)[2] namatay noong Marso 14, 1953 (koleksiyon ni Gng. Penny R. Lejos)

Sa Oras ng Paghihingalo

Ayon kay Dr. Oscar R. Malimban[3], isang doktor ng medisina, isa sa kanyang mga patakaran sa mga pasyenteng kanyang pinupuntahan na naghihingalo na ay ang alamin kung ito ay may iniingatang anting-anting (kilala rin sa Kabite bilang subo o gamit). Marami sa matatanda, lalo na sa mga bayan ng Maragondon, Heneral Trias, Silang, Amadeo, Magallanes, at Heneral Aguinaldo (dating Baylen) ay nag-iingat ng mga ito, kung kaya sila ay hindi kaagad namamatay. Ang pagpapainom ng gatas ng isang ina o sabaw ng buko ay isang mabisang paraan upang tunawin ang iniingatang anting-anting at upang tuluyang pumanaw na at hindi na pahirapan pa ang pasyente.[4]

Sa Araw ng Pagkamatay

Sa araw ng pagkamatay ng isang mahal sa buhay, isang kapamilya ang magtutungo sa lalong madaling panahon sa pinakamalapit na simbahan upang ipaalam ang nasabing pangyayari. Ito ay para maianunsyo kaagad sa buong bayan ang pagpanaw sa pamamagitan ng ***agunyas*** o pagkalembang ng kampana. Ang tunog ng kampana ay ayon sa kasarian at edad ng yumao - ***ting*** o matinis ang tunog ng kampana kapag babae ang yumao, ***bang*** o buo ang tunog ng kampana kapag lalake, at pa-***eskila*** o mabilis at sunud-sunod naman kapag bata ang namatay.

Kapag ang namatay raw ay bukas ang palad, ang pahiwatig nito ay maraming abuloy na darating para sa naiwang mga kapamilya. Kapag nakatikom naman, hindi raw masyadong marami ang abuloy na matatanggap ng pamilyang namatayan.[5]

Sinasabing ang lubid na ginamit ng mga taong nagpakamatay sa pamamagitan ng pagbibigti ay magdadalang suwerte sa buhay ng mag-iingat nito, kaya



Burol ni Alejandro G. Abadilla noong 1969, isang makata na tubong Rosario, Kabite (koleksiyon ni G. Bayani S. Abadilla)

Pamilya at kaibigan ni Alejandro G. Abadilla sa kanyang burol (koleksiyon ni G. Bayani S. Abadilla)

madalas hinihingi ito ng mga tao sa mga kaanak ng nagpakamatay.[6] Noong mga sinaunang panahon, ang mga namamatay ay hindi kaagad iniembalsamo o inililibing, lalo na iyong mga binangungot, hinahayaan muna ito ng mga ilang oras o isang magdamag bago galawin. Naniniwala raw kasi ang matatanda na baka ito ay napapaglaruan lamang o ginagawaan ng kalokohan ng isang kaaway (kinulam) o isang engkanto. Maraming kuwento tungkol sa mga taong pinaglaruan ng mga engkanto sa Kabite. Ang mga engkanto ay mga espiritu ng kalikasan.[7] Sila ay kadalasang mabait sa mga tao, may mga pagkakataong kailangan ng mga ritwal ng pag-aalay sa mga ito.[8] Ang makatuwaan ng isang tao ang kanilang mga lugar na tinitirahan ay nagiging dahilan ng kanilang pagkagalit at paghihiganti.

Ayon pa rin sa matatandang kuwento, isang indikasyong hindi pa patay ang isang tao ay ang hindi paglapat ng likuran nito sa hinihigaan o iyong "nakakawang ang likod". May sapi raw ito at kapag ganito ang sitwasyon o kalagayan ng katawan dapat bantayan itong mabuti dahil kung hindi ay tutuluyan itong patayin ng kaaway kapag iniwanang nag-iisa lamang. Sa mga ganitong pagkakataon, biktima ng mangkukulam ang nasabing tao, mabagsik ang ginamit na uri ng pananakit kaya ang mga ganitong pangyayari'y madalas na nauuwi sa kamatayan dahil sa hindi pagbabantay sa katawan ng biktima.

Sisiw sa Ibabaw ng Kabaong

Sa mga taong namatay dahil sa hindi maipaliwanag na dahilan, halimbawa'y pinatay ng mga hindi nakikilalang tao, isang buhay na sisiw ang inilalagay sa ibabaw ng kabaong sa buong panahon ng burol. Isinasama ang sisiw na ito sa paglilibing ng yumao. Pinaniniwalaang ang taong pumatay o salarin ay hindi mapapakali at makokonsensiya sa kanyang nagawang kasalanan.[9]

Kapag ang Namatay ay Binata, Dalaga, o Bata

Isang tradisyon sa pagkamatay ng isang binata, dalaga, o bata ang pag-aalay ng *palma* sa bangkay. Ito ay isang malaking kandila na napapalibutan ng bulaklak (artipisyal na gawa sa papel). Ang nasabing kandila ay inihahandog ng ninong o ninang ng yumao. Inilalagay ito sa ibabaw ng kabaong at sa araw ng paglilibing, iniiwanan ang kandila sa bahay upang sindihan at gamitin sa pagdarasal. *Sabanas* naman ang palamuting yari sa *crepe paper* sa paligid ng kabaong na inihahandog ng ninong o ninang. Sa araw ng libing ng isang binata o dalaga may parada ng mga kabinataan o kadalagahan sa unahan ng karo ng patay.

PAG-AAYOS SA BANGKAY

Sa isang aklat ni Vicente L. Rafael, tradisyon ng mga Tagalog bilang pagpapakita ng pagrespeto sa yumao ang pagpapalamuti sa bangkay nito.[10] Ang mga libingan noong mga ika-14 at ika-15 dantaon ay nagpapakita na may malawakang pagsasanay ng pagpapalamuti sa mga ngipin lalung-lalo na ng ginto.[11] Ang mga unang obserbasyon ng mga Kastila ay ang paglalagay ng pabango at pagbibihis ng pinakamagandang damit sa bangkay.[12]

Noong mga nagdaang panahon, sinusuotan ang namatay ng *salumbaba* o isang panyo na nakasalo sa baba ng bangkay at nakatali hanggang ulo, ginagawa ito kapag ang yumao ay namatay nang nakabukas ang bibig.[13] Ang kadalasang suot ng mga kalalakihan ay damit na puti (kung walang *Barong Tagalog*), ang mga kababaihan naman ay sinusuotan ng Kimona't Saya (*Barong Pambabae*). Ang kabaong na paglalagyan ng bangkay ay hindi dapat malaki o mahaba sa sukat ng bangkay (pinaniniwalaan kasi na may susunod pang kamag-anak dahil sa sobrang espasyo na nakalaan). Mayroon ding nilagot na rosaryo na inilalagay sa kamay ng bangkay (nilalagot ang rosaryo upang hindi na raw masundan pa ang namatay) at naglalagay ng pera sa kamay nito na kinukuha kapag malapit nang ilibing (ito'y isinisilid sa isang pitaka upang maging suwerte raw sa hanap-buhay).[14] Kapag bata naman ang namatay, inilalagay o inihihimlay ito sa isang puting kabaong na pinalilibutan ng bulaklak na papel na kulay bughaw kapag lalaki at kulay rosas naman kapag babae.

Ang sukat ng kabaong at petsa ng kamatayan ay kadalasang tinatayaan ng mga kapitbahay sa *jueteng* dahil madalas itong lumalabas. Binanggit sa aklat ni Regalado Trota Jose, na ang pag-arkila ng *ataud* o *ataul* (kabaong) kasama ang mga aksesorya mula sa simbahan ay gawain ng mga Pilipino hanggang sa ika-19 na dantaon.[15] Ang ibang simbahan ayon pa sa kanya, ay may iba't ibang sukat ng kabaong,

S. L. N.

Pascual Alvarez at de Jesus

(Nagiag General sa Himagsikang Pilipino)

Tinawag sa sinapupunan ni Bathala ng ika 8 ng Marso, 1923, sa gulang na 63 taón. Ang huling paghahatid sa kaniyáng bangkáy sa libingan ay idaraos sa ika 18 ng Marso, sa ganáp na ika 3 ng hapon sa Noveleta, Kabite.

Marzo 12, 1923

Anunsiyo ng pagkamatay ni Pascual Alvarez, rebolusyunaryo ng Nobeleta, Kabite (koleksiyon ni G. Wilfredo B. Pangilinan)

hanggang tatlo para sa matatanda at ganoon ding bilang para sa mga bata, na isang *calanda* o *feretro* ang ginagamit sa pagsuporta at pagbuhat dito.[16]

Sa Pagburulan ng Bangkay

Bahagi ng nakagisnan, ayon sa aklat nina Fernando N. Zialcita at Martin I. Tinio, Jr., ang mga kulay itim at dilaw na kurtina sa may bintana ang nag-aanunsyo na may namatay sa isang *bahay na bato* noong mga panahong nagdaan.[17] Minsan, ang mga namatay sa kanilang huling habilin, ang humihiling na sila ay iburol sa kanilang may apat na posteng kama na napalilibutan ng mga rosas, sa loob ng kanilang silid tulugan.[18] Kadalasan, tumatagal ang pagburol ng mula dalawa hanggang tatlong araw lamang.[19]

Hindi dapat iniiwanang nag-iisa ang bangkay sa lugar na pinagburulan nito, dapat daw na mayroon itong bantay sa lahat ng oras. Pinaniniwalaan kasi na baka raw ito "aswangin" (na ang bangkay ay kainin o kunin ng aswang). Dapat din na may mga sinding kandila sa panahon ng burol, ang liwanag ng mga kandila ang magsisilbing gabay ng yumao papunta sa kabilang-buhay.

Hindi dapat inihahatid ng namatayan sa paglabas ang mga bisita o nakikiramay dahil lilipat daw dito ang kamalasan o maaaring sumama rito ang kaluluwa ng namatay. Ang mga kapamilya ng namatay ay hindi dapat maligo sa bahay na pinagburulan, bawal din na linisin o punasan ang kabaong ng yumao. Pinaniniwalaan ding naitataboy ang kaluluwa ng namatay o maaaring umulan nang malakas sa araw ng paglilibing kapag nagwawalis sa bahay ng nakaburol. Sa panahong hindi pa nauuso ang pagkuha ng larawan, ipinipinta ang mga bangkay bilang alaala sa isang yumaong kamag-anak, na *recuerdos de patay* kung tawagin.[20] Sa magasin na *El Renacimiento Filipino*, maraming mga larawan ng mga yumaong rebolusyunaryo na katulad nina Emilio Jacinto at Mariano Ponce noong sila ay nakaburol.[21]

Ang mga naulilang anak ni Constancia Trias-Viniegra na namatay noong ika-19 ng Disyembre, 1940 sa Heneral Trias, Kabite[22] (koleksiyon ni G. Romulo Trias-Viniegra)

Ang Despedida

Isa sa natatanging tradisyon sa bayan ng Heneral Trias, Kabite, ang tinatawag na ***despedida***. Kilalang gumagawa nito si Gregorio "Oyong" Rezare, isang musikero na nakilala sa kanyang pagsulat ng isang awit ng pamamaalam ng namatay sa kanyang mga kapamilya.

Ang nasabing tradisyon ay ginagawa ng libre. Walang makapagsabi kung kailan o paano ito nagsimula sa nasabing bayan. Ang mga kapamilya ay tatanungin tungkol sa kanilang mga personal na detalye sa buhay at isusulat mula rito ang titik na sasaliwan ng nakatakdang musika. Sa ikasiyam na araw

Kaliwang itaas: Pamilyang naulila ni Maria del Rosario Velasco Nazareno sa may harapan ng nawasak na Parokya ng Inmaculada Concepcion sa Naik, Kabite, noong Mayo 4, 1946 (koleksiyon ni G. Ryan N. Sebastian)

Kanang itaas: Libing ni Fortunata Prodigalidad Alonzo y Gonzales, 1953, kuha sa harapan ng Simbahang Katoliko ng Rosario, Kabite (koleksiyon ni Gng. Felisa Gonzales Pascual)



Kaliwa: Sulat ni Hugo Teves, asawa ng yumaong si Victoria "Toyang" de Leon Teves, sa kaniyang tiyahin.

Kanan: Araw ng paglilibing kay Victoria de Leon Teves sa Kotabato noong 1956, tubong lungsod ng Kabite na sumubok na hanapin ang magandang kapalaran sa Mindanaw, naiwan niya ang sampung anak sa asawang si Hugo Teves (koleksiyon ni G. Wilfredo Pangilinan)

mula pagkalibing magkakaroon ng *rosario cantada* at isusunod ang pag-awit ng despedida. Maraming tao ang sumasaksi dito at humahagulgol sa pag-iyak kahit mga hindi kamag-anakan dahil sa napakamadamdaming titik na isinulat ni Mang Oyong. Dalawa sa kanyang mga kasamahang *cantora* ang umaawit nito at kadalasan kahit hindi pa natatapos ang pag-awit, nagkakabati na ang mga kapamilya ng yumao na may mga hindi pagkakaunawaan. Ang unang linya ng despedida ayon kay Maria Perla R. Parin ay:

"Maawaing Diyos, inyo pong tulutan...ang kaluluwa ko ngayo'y makadalaw..."[23]

Ang despedida, isang awit na patungkol ang titik sa mga maaaring nais sabihin ng yumao sa kanyang mga naiwang mahal sa buhay, ang tradisyong naging bantog sa bayan ng Heneral Trias. Ang mga unang nakasaksi nito ay humiling na gawin din ito sa kanilang pagkamatay upang magkasundu-sundo at magkalapit-lapit ang mga kamag-anak na naiwanan. Sa kasalukuyan, hindi na ito ginagawa sa Heneral Trias. Ang pinakahuling nagsulat nito ay ang anak ni Mang Oyong na si Crispin "Boy" Rezare na yumao na rin.[24]

Sa Araw ng Paglilibing

Ilang bayan sa Kabite ang naglalagay ng salawal na kahuhubad lamang o damit na pinagkamatayan at ng sariwang itlog sa bubungan ng bahay upang huwag umulan sa araw ng paglilibing. Sa mga bayan ng Dasmariñas at Silang, isang pamahiin sa araw ng paglilibing ang pagbasag ng palayok para walang sumunod na mamatay sa naiwang pamilya.

Ang lahat ng mga kapamilya ay dapat na makalabas sa loob ng bahay bago ilabas ang bangkay na ililibing. Hindi rin dapat lumingon ang mga kapamilya habang lumalabas ng bahay. Ang lugar na pinagburulan ay dapat na wisikan ng suka upang maalis ang kamalasan. Ang mga kapamilya ay hindi dapat umusong sa pagbuhat sa kabaong. Isang tradisyon na magsuot ng itim ang mga kapamilya ng namatay, pero sa pagdaraan ng panahon, may nagsusuot na rin ng puti sa kanilang pagluluksa.[25] *Dapit* ang tawag sa prusisyon ng libing mula sa bahay ng namatay patungong simbahan upang pagmisahan at nagtatapos sa pook na paglilibingan.[26]

Punung-puno ng lungkot at luha ang araw ng paglilibing. Ang mga taong natutulog sa mga bahay na daraanan ng libing ay ginigising dahil sa baka raw isama ng kaluluwa ng yumao ang kanilang mga kaluluwa. Ang daraanan ng libing ay hindi dapat maulit. Ang ruta ng pagpunta sa simbahan ay lihis sa daraanan sa paglilibingan dahil kailangan daw na iligaw ang namayapa para hindi na ito dumalaw sa kanyang mga naulila.

60495 fil

Ito ang pagbabasbas ng pari sa bangkay bago ilabas ng bahay sa araw ng paglilibing. Sa una, susunduin ng mga musiko (banda) ang pari, kasama ang mga sakristan, sa simbahan. Magtutungo sila sa bahay ng namatay para basbasan ng pari. Ang pagbabasbas ay maaaring magkaroon ng "istasyon" ayon sa katungkulan o propesyon ng namatay. Maaaring dumaan sa tapat ng isang klinika kung isang doktor ang yumao magkakaroon doon ng pagdarasal at pagtitika. Pagkatapos pagmimisahan na ang bangkay sa simbahan at kasamang maghahatid ang pari sa paglilibing nito sa pantyon.[29]

Ang Dapit-Ciriales

Sa ritwal na ito tatlong sakristan naman na may dala-dalang *ciriales* ang pupunta sa bahay ng namatay. Susunduin nila ang bangkay na ililibing patungong simbahan upang pagmisahan ng pari.[30]

Tugtog sa Araw ng Libing

Ang banda ang isa sa mga importanteng elemento ng paglilibing. Kapag matanda (o nasa hustong edad) mga pitong taon pataas, ang ililibing, ay malungkot ang tinutugtog (***punebre*** o ***funeral march***) at kapag bata naman, pitong taon pababa ang edad, masayang ***paso doble***.[31] Ayon kay Maria Perla R. Parin, ang mga komposisyon o musika na ginagamit sa paglilibing ay hindi ineensayo. Kusa na lamang natututunan sa araw ng paglilibing ng mga musikero mula sa pakikinig ng aktwal na pagtugtog ng mga ito sa araw ng libing.[32] Ang mga piyesang "***Anding***" at "***Doña Julita***" ang mga punebreng isinulat ni Delfin "Gardemit" Asercion, isang kilalang miyembro ng Banda Matanda, bilang alay sa kanyang dalawang kababayan na yumao sa Heneral Trias, Kabite.[33]

Araw ng paglilibing kay Isidora Montalan Presa ca 1940. Kuha ito sa harapan ng simbahan ng Heneral Trias, Kabite (koleksiyon ni Gng. Gloria Presa Soberano)

Araw ng libing ni Constancia Trias-Viniegra, Disyembre 22, 1940, sa loob ng simbahan ng Heneral Trias, Kabite (koleksiyon ni G. Romulo Trias Viniegra)

Ito ang pagbabasbas ng pari sa bangkay bago ilabas ng bahay sa araw ng paglilibing. Sa una, susunduin ng mga musiko (banda) ang pari, kasama ang mga sakristan, sa simbahan. Magtutungo sila sa bahay ng namatay para basbasan ng pari. Ang pagbabasbas ay maaaring magkaroon ng "istasyon" ayon sa katungkulan o propesyon ng namatay. Maaaring dumaan sa tapat ng isang klinika kung isang doktor ang yumao magkakaroon doon ng pagdarasal at pagtitika. Pagkatapos pagmimisahan na ang bangkay sa simbahan at kasamang maghahatid ang pari sa paglilibing nito sa pantyon.[29]

Ang Dapit-Ciriales

Sa ritwal na ito tatlong sakristan naman na may dala-dalang *ciriales* ang pupunta sa bahay ng namatay. Susunduin nila ang bangkay na ililibing patungong simbahan upang pagmisahan ng pari.[30]

Tugtog sa Araw ng Libing

Ang banda ang isa sa mga importanteng elemento ng paglilibing. Kapag matanda (o nasa hustong edad) mga pitong taon pataas, ang ililibing, ay malungkot ang tinutugtog (***punebre*** o ***funeral march***) at kapag bata naman, pitong taon pababa ang edad, masayang ***paso doble***.[31] Ayon kay Maria Perla R. Parin, ang mga komposisyon o musika na ginagamit sa paglilibing ay hindi ineensayo. Kusa na lamang natututunan sa araw ng paglilibing ng mga musikero mula sa pakikinig ng aktwal na pagtugtog ng mga ito sa araw ng libing.[32] Ang mga piyesang "***Anding***" at "***Doña Julita***" ang mga punebreng isinulat ni Delfin "Gardemit" Asercion, isang kilalang miyembro ng Banda Matanda, bilang alay sa kanyang dalawang kababayan na yumao sa Heneral Trias, Kabite.[33]



Araw ng paglilibing kay Isidora Montalan Presa ca 1940. Kuha ito sa harapan ng simbahan ng Heneral Trias, Kabite (koleksiyon ni Gng. Gloria Presa Soberano)



Araw ng libing ni Constancia Trias-Viniegra, Disyembre 22, 1940, sa loob ng simbahan ng Heneral Trias, Kabite (koleksiyon ni G. Romulo Trias Viniegra)



Itaas: Libing ni Constancia Trias-Viniegra, Disyembre 22, 1940. Pansinin ang karuwahe at ang anim na kabayong humihila dito (koleksiyon ni G. Romulo Trias Viniegra)

Ibaba: Isang paglilibing sa Lungsod ng Kabite, walang petsa (koleksiyon ni G. Wilfredo B. Pangilinan)

Gitna: Padasal o parosaryo ng isang yumao sa Heneral Trias, Kabite. Walang petsa (koleksiyon ni Gng. Belen M. Pariño)



Ang Rosario Cantada

Sa mga bayan sa Kabite ay ginagawa ang padasal sa mga namatay na tinatawag na rosario cantada. Pag-awit ito ng rosaryo na sinasaliwan ng banda. Inaawit ito sa wikang Latin at ginaganap sa bahay ng namatayan sa mga araw ng *tibao* at *ibis-luksa* (tingnan ang mga ito sa mga susunod na pahina) inaabot ang nasabing pagdarasal nang isang oras. Ginagawa rin ito sa mga pantyon kapag araw ng mga patay katulad sa bayan ng Heneral Trias.[34]

Mga Sinaunang Paglilibing

Noong panahon ng pananakop ng mga Hapon halos hindi na raw umaalis sa pantyon ang mag-amang Gracias at Kikoy.[35] Ayon kay Mang Kikoy, tumutulong siya sa kanyang ama sa paglilibing ng mga bangkay.[36] Ayon pa sa kanya, hindi ibinuburol nang matagalan noon ang mga bangkay, pinakamatagal na ang abutin ito ng dalawang gabi. Pinagtutulung-tulungang gawin ng mga kapitbahay ang kabaong at kinukulayan ito ng makintab na barnis.[37] Nilalagyan ng apog *(lime)* ang loob ng kabaong upang ang likuran ng bangkay ay hindi magpawis at maiwasan ang madaling pangangamoy nito (Sa kalapit lalawigan ng Batangas, sa bayan ng Tuy, kapeng barako ang inilalagay sa kabaong). Ang mga libingan noon ay sa lupa lamang kung kaya't napakabilis ng pagkaagnas ng mga bangkay. Ang natatandaang punerarya ni Mang Kikoy na nagseserbisyo matapos ang panahon ng Hapon ay ang *Alvarez Funeral Homes*.[38] Sa ilang bayan ng Kabite, partikular sa Imus, may panahong ginagawa lamang ang kabaong ng sanggol na pinapalamutian ng bulaklak ng *kalatsutsi*.

Mga Kasiyahan sa Panahon ng Paglalamay

Tibao, ang tawag sa pagdiriwang sa ikatlo at ikasiyam na araw mula sa petsa ng pagluluksa sa bahay ng yumao.[39] Ang panahon ng pagluluksang ito na tinatawag na *sipa* ay tumatagal ng siyam na araw matapos ang paglilibing. Sa loob ng panahong ito ang pamilya at mga kamag-anakan ng yumao ay nagdarasal at nagnonobena.[40] Mayroong tinatawag na *libad*, isang uri ng kasiyahan na may halong kantahan at sayawan sa bahay ng namatayan. Ang uri ng palabas na ito ay ginagawa ng mga kabinataan at kadalagahan. Ang mga lalaki ay magpuputong ng sombrero sa babaing nais niyang makasayaw, may musikong tumutugtog (ang tugtog ay parang sa karakol); at ayon kay Mang Kikoy, isa sa mga halimbawa ng inaawit dito ay:

> "Abaruray, abarinding, isauli mo ang singsing
> Kung 'di mo isasauli, magagalit ang may-ari...[41]"

Ginagawa ang pag-awit ng mga kalalakihan habang lumalapit sa kadalagahan na nais nilang putungan ng sombrero para isayaw, at pagkatapos nilang

Bernardino "Nanding" Custodio delos Santos, Sr. na nagmula sa angkan ng mga musikong pawang kasapi ng ***Banda Matanda***, ang pangangaluluwa ay dating popular na popular sa Heneral Trias. Ayon sa kanyang naaalala, ang tradisyong ito ay isinasagawa sa unang araw ng Nobyembre, ang mga nangangaluluwa ay binubuo ng apat na manganganta at anim na musiko, nagsisimula ang pananapatan sa mga bahay-bahay sa ganap na ika-anim ng gabi at madalas inaabot ng madaling araw. Kadalasang binibigyan ang mga nangangaluluwa ng pera o suman. Batay pa rin sa naaalala ni Uchie, ang isang halimbawa ng isa sa tatlong awit na kinakanta nila tuwing sasapit ang Araw ng mga Patay ang komposisyong isinulat ng kanyang ama:

Matandang ugali ang siyang nakagisnan
Kung ganitong Undras
Libutin ang bayan
Manghingi ng limos sa ganitong araw
Sapagkat ito ang siyang nakalakaran
Sa mundo'y dalawa ang nilikha ng Diyos:
Manghingi ang isa at ang isa ay maglimos
Ikaw ay pinalad kinalinga ng Diyos sa ganitong
Araw sana'y maglilingkod.[46]

Iba Pang mga Pamahiin at Kinagisnan

Isang paniniwala kapag binata o dalaga ang namatay ay ang pagtugon. Mayroon daw susunod na dalaga kapag binata ang namatay o may susunod na binata kapag dalaga naman ang namatay.

Masamang senyal ang panaginip na may ngiping nabunot. Ito'y nangangahulugang may mamamatay na kamag-anak. Dapat na ikagat sa isang halaman ang ngipin upang hindi ito magkatotoo.

Hindi rin dapat na mabasag ang salamin ng kabaong ng yumao. Masusundan pa raw ito ng isang kaanak na mamamatay.

Ang mga pagkaing natira sa bahay na pinagburulan ng bangkay ay ipinamimigay sa mga kapitbahay at mga nakiramay.

Ang mga tolda na ginamit sa panahon ng pagialamay ay dapat na naalis na sa harapan ng bahay na pinagburulan bago muling dumaan ang libing (kung ito ay magdaraan na muli matapos na pagmisahan, patungo sa pantyon).

Kailangang may maiwang kamag-anakan sa bahay ng pinagburulan sa oras ng paglilibing.

Masamang magpunta sa lamay ng patay ang isang buntis dahil mahihirapan ito sa panganganak.

Hindi rin pinapapunta sa lamay ng patay ang isang taong maysakit dahil lalong lalala ang karamdaman nito.

Ang mga ambag o abuloy na ibinigay pagkatapos ng libing ay hindi na maaaring tanggapin.

Hindi kanais-nais ang pagsusuot ng kulay pulang damit kapag nakikiramay sa namatayan, sapagkat masayang kulay ito at hindi angkop sa okasyon.

Ang ulunan ng bangkay ang unang dapat ipasok sa nitso. Dapat daw kasing nakaharap siya sa mga kamag-anak na dadalaw sa kanya sa pantyon.

Sa paglilista ng mga pangalan ng namatay na babae, ang apelyido niya noong dalaga ang itinatala sa listahan kung siya'y nakapag-asawa. Nakagisnan na ito ng mga sekretaryang kinapanayam ng may-akda sa Parokya ng Heneral Trias.

Sa Araw ng mga Patay, isa sa mga paraan upang malaman kung dumalaw sa bahay ang isang yumao ay ang paglalagay ng abo sa sahig sa may harapang pintuan o sa harap ng silid tulugan sa oras ng pamamahinga ng lahat ng nakatira sa bahay. Sa kinaumagahan makikita raw ang mga bakas ng paa ng namayapang kamag-anak na dumalaw.

Ang pagtitirik sa may halamanan ng bahay ng kandilang may sindi (nakasindi mula sa pantyon) na ginamit sa Araw ng mga Patay ang magpapayabong sa mga tanim na halaman.

Ang amarillo (Tagetes erecta L.), kalatsutsi (Plumeria acuminate W.T.Ait), palong-manok (Celosia argentea L. forma cristata (L.) Ktze.), rosal (Gardenia jasminoides Ellis), at tumbong-aso (Morinda citrifolia L. var. bracteata Hook.f.) ang ilan sa mga popular na bulaklak na iniaalay sa mga yumao kapag Araw ng mga Patay.

Ang ***tumba***, isang uri ng pagbibiro ng mga tao na ang mga gamit sa bahay (silya, mesa, mga paso ng halaman, at iba pang mga naiwan sa labas ng bahay) ng kanilang mga kapitbahay ay itinutumpok nila sa kanto ng kanilang barangay. Ginagawa sa hatinggabi ng pagdiriwang ng Undras ang kasayahang ito (tawag sa Undas ng mga taga-Kabite).

Isang pamilyang namatayan na nakasuot ng tradisyunal na mga damit-pangluksa. Sa ilang lugar sa Kabisayaan, ang mga ganitong kasuotan ay tinatawag na inuwak (koleksiyon ng G. Wilfredo B. Pangilinan)

Burol at larawan ng mga labi ni Hen. Emilio Aguinaldo na namatay noong ika-6 ng Pebrero 1964. Kasama sa larawan si Gng. Carmen Aguinaldo-Melencio, anak ng namatay na pangulo (buhat sa The Daily Mirror)

TALAHULI

[1]Alejandro G. Abadilla, "Ibig Ko Nang Mamahinga," sa Piniling Mga Tula ni AGA.(Rizal: Limbagang Pilipino, 1965), pp. 63-64. Si Alejandro G. Abadilla, tubong Rosario, Kabite, ang kinikilalang Ama ng Modernong Panulaan sa Pilipinas.

[2] Teresita Palma Unabia, Silang Kasaysayan at Pananampalataya.(Dasmariñas: Cavite Studies Center, De La Salle University - Dasmariñas, 2000), p. 118.

[3]Panayam kay Dr. Oscar R. Malimban, 62, Pebrero 19, 2003. Maragondon, Kabite, ang taong sinasabing maraming karanasan sa mga anting-anting sa kanilang bayan ng Maragondon.

[4] Ang mga "subo" o "gamit" ay kinakailangan na maisalin ng isang naghihingalong may-ingat nito sa ibang tao upang mamatay siya kaagad. Kadalasan walang may gustong kumuha nito dahil maraming mga orasyon na dapat ipatupad kapag naisalin na.

[5]Panayam kay Marcelina Closas Clamor, 85, Abril 9, 2005, Heneral Trias, Kabite. Naging isang kantora siya sa simbahan mula pa noong anim na taong gulang at magpahanggang kasalukuyan.

[6]Nasaksihan ng may-akda na ang lubid (nylon cord) na ginamit sa pagpapakamatay ng kanyang kaibigan na si Edgardo Ronas noong ika-20 ng Hunyo, 2003, Heneral Trias, Kabite, ay pinira-piraso ng mga taong humingi nito upang itago, suwerte raw ito sa negosyo o hanap-buhay. Hindi raw dapat mag-ingat nito ang mga kapamilya dahil mamalasin sila.

[7]Herminia Meñez, Explorations in Philippine Folklore. (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999), p. 67.

[8]Ibid.

[9]Ang "siyap" o huni ng sisiw ay patuloy daw na gagambala sa salarin, hindi raw matatahimik ang taong pumatay. Ang paglalagay ng sisiw sa ibabaw ng kabaong ay maraming beses ko nang nasaksihan sa mga burol sa Kabite.

[10]Vicente L. Rafael, Contracting Colonialism, Translation and Christian Conversion in the Tagalog Society under Early Spanish Rule. (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988), p. 188.

[11] Ibid.

[12] Ibid.

[13]Panayam kay Francisco Grepo Descalso, 77, Abril 18, 2005, Santa Clara, Heneral Trias, Kabite, nakilala bilang "Mang Kikoy", pinakamatandang sepulturero sa nasabing bayan. Minana niya sa kanyang ama na si Deogracias Descalso o "Tandang Gracias" ang hanapbuhay na ito.

[14] Panayam kay Albert Trias, Hunyo 20, 2003, Heneral Trias, Kabite, nag-iingat ng mga anting-anting.

[15]Regalado Trota Jose. Simbahan: Church Art in Colonial Philippines 1565-1898. (Makati: Ayala Foundation Inc., 1992), p. 85.

[16] Ibid.

[17]Fernando N. Zialcita at Martin I. Tinio, Jr., Philippine Ancestral Houses.(Quezon City: GCF Books, 2002), p. 122. Nilinaw ko kay Dr. Fernando N. Zialcita ang kuwento tungkol sa kulay ng kurtina sa bahay ng namatay, ito raw ay ayon sa kanyang tiyahin na si Francisca Nakpil de Lange na nanirahan sa Maynila. (panayam noong Agosto 18, 2006, Xavier Hall, Ateneo de Manila University, Lungsod ng Quezon).

[18] Ibid.

[19] Ibid.

[20] Ambeth R. Ocampo, Looking Back. (Quezon City: Anvil Publishing, Inc., 1993), p. 132.

[21] Ibid.

[22] Ang nasabing libing ay itinuturing na pinakamarangya sa kasaysayan ng bayan ng Heneral Trias. Sa nasabing libing may ilang bandang tumugtog at ang ginamit na kabaong ay yari sa isang uri ng metal, isang karuwahe ang pinagsakyan dito na hinihila ng anim na kabayong sinasakyan ng mga nakauniporme ng kalalakihan. Ayon sa pakikipagkuwentuhan ng may-akda sa maybahay ni G. Romulo Trias Viniegra (anak ng yumao) na si Gng. Amelia Sadsarin Viniegra, ang kanyang mga narinig na usapan tungkol sa kuwento ng libing na ito ang nagserbisyo pa raw ay ang Funeraria Quioge mula sa Maynila. Maraming tao ang sumaksi sa nasabing libing.

[23] Panayam kay Maria Perla R. Parin, 67, Mayo 1, 2005, Heneral Trias, Kabite. Kilalang anak ng pinagmulan ng lahi ng mga mahusay na musiko at kantora sa nasabing bayan.

[24] Ibid.

[25]Fenella Cannell, Power and Intimacy in the Christian Philippines. (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999), p. 143.

[26] Ibid.

[27] Francisco G. Descalso, 77, Heneral Trias, Kabite. Ito ang tradisyon na umiiral sa Heneral Trias, Kabite. Masaya ang tugtog kapag bata pa ang namatay dahil pupunta raw ito sa langit. Sa ibang pagkakataon, walang musiko o banda na tumutugtog sa libing dahil naaayon ito sa kagustuhan ng pamilyang naulila.

[28] Ibid.

[29] Panayam sa telepono kay Fr. Virgilio S. Mendoza, Abril 9, 2005, Heneral Trias, Kabite. Ang dapit-pari" at "dapit-ciriales" ay inalis noong panahon ng Vatican Council II. Nagpapakita kasi ito ng hindi pantay na pagtrato sa mga mayayaman at mahihirap na namamatay. Sa una, para lamang sa mga maykaya dahil mas mahal ang bayad sa serbisyo ng pari; sa huli naman, para sa mga pangkaraniwang tao dahil walang pari na sumusundo sa bangkay na ililibing kaya mura lamang ang bayad dito. Ang ciriales ay isang lalagyan ng kandila na may mahabang tangkay, ginagamit ito kapag may prusisyon binubuhat ito ng sakristan.

[30] Ibid.

[31] Panayam kay Francisco G. Descalso, 77.

[32] Panayam kay Perla R. Parin, 67.

[33] Francisco Grepo Descalso, 77, Heneral Trias, Kabite.

[34] Panayam kay Perla R. Parin, 67.

[35] Francisco Grepo Descalso, 77, Heneral Trias, Kabite.

[36] Ibid.

[37] Ibid.

[38] Ibid.

[39] Rafael, Contracting Colonialism.

[40] Francisco G. Descalso, 77, Heneral Trias, Kabite.

[41] Ibid.

[42] Panayam kay Bb. Araceli Giron Reyes, 88, Mayo 6, 2006, Lungsod ng Kabite, anak ni Augusto Adriosola Reyes.

[43] Panayam kay Wilfredo B. Pangilinan, 48, Mayo 23, 2006, Lungsod ng Kabite, apo ni Gervasio E. Pangilinan.

[44] Ibid.

[45] Ibid.

[46] Panayam kay Luisita "Uchie" Viniegra delos Santos, 50, Mayo 27, 2006, Heneral Trias, Kabite.





IKATLONG KABANATA

Mga Kilala at Limot na Pantyon

PUNTOD AT NITSO[1]

David T. Mamaril

Ang mapapansin mo'y madawag na puntod
Na naiilawan ng kandilang pudpod;
Ang nailibing dito ay kasing-hikahos
Ng panandang hamak at patpat na kurus!

Mapapansin naman sa kabilang dako
Ang isang marangya at mailaw na nitso;
Sa lapidang marmol ay mapagsisino
Na isang mayaman ang nalibing dito!

Sa araw na ito ay kapuna – puna
Ang puntod at nitsong lubhang magkaiba;
Parang nagsasabing saanman humangga,
Sadyang may mayama't may dukhang talaga!

Pantay-pantay tayo pag tayo'y namatay,
Bakit nalibing na'y di pa pantay-pantay?

Noong bata pa lamang ang may-akda, naitanong niya minsan sa kanyang Tatay kung saan napalibing ang bayaning si Dr. Jose P. Rizal. Ang natatandaan niyang tugon nito ay naroon daw sa Luneta Park. Sa pagdaraan ng mga panahon at noong siya'y nagsimulang maglingkod sa Pambansang Suriang Pangkasaysayan, natuklasan niya kung saan-saan nakalibing ang mga kilalang bayani ng bayan. Unang inilibing si Dr. Jose P. Rizal sa Sementeryo ng Paco at hinukay noong ika-17 ng Agosto 1898, at inilagay sa isang urna na pansamantalang inilagak sa bahay ng kanyang ina sa Kalye Estraude, Binondo. Inilibing ang nasabing urna sa kanyang monumento noong ika-30 ng Disyembre, 1912.[2] Namatay si Manuel L. Quezon, pangulo ng Komonwelt sa Camp McMartin, Saranac Lake, New York, noong umaga ng ika-1 ng Agosto, 1944.[3] Ang kanyang mga labi ay pansamantalang inilagak sa isang kuwartong libingan (vault) sa Arlington National Cemetery at ibinalik sa Pilipinas noong ika-27 ng Hulyo 1946, inilibing sa Sementeryo del Norte noong ika-1 ng Agosto 1946.[4] Sa kasalukuyan, nakahimlay ang kanyang mga labi sa dambanang pang-alalala sa kanya (Quezon Memorial Shrine).

MGA PANTYON SA KABITE NOONG IKA-19 NA DANTAON

Inilarawan ang anyo at kinalalagyan ng mga pantyon sa Kabite noong ika-19 na dantaon sa aklat na *Cavite en Siglo 19* ni Michael C. Francisco, ang batayan ng nasabing pag-aaral ay mga lumang dokumento (primaryang batis) mula sa Pambansang Sinupan ng Pilipinas, narito ang tala ng mga pantyon sa iba't ibang bayan ng Kabite ayon sa aklat:[5]

Ang La Caridad ay mayroong isang pantyon na pinagsasaluhan din ng San Roque at ng Kabite (kabisera ng lalawigan). Ang nasabing pantyon ay napapalibutan ng makakapal na pader at dito'y maraming mga maaayos na nitso, musoleo, at isang kapilya;

Paglilibing sa mga labi ni Manuel L. Quezon sa Sementeryo del Norte, Maynila (buhat sa Quezon Memorial Book)

Dating Pantyon ni Manuel L. Quezon sa Sementeryo del Norte, Maynila, bago ito inilipat sa kanyang dambanang pang-alaala sa Lungsod ng Quezon (buhat sa Quezon Memorial Book)

Ang bayan ng Noveleta ay walang sariling pantyon ito'y nakaugnay sa parokya ng *Cavite el Viejo* (Kawit);

Rosario, ang pantyon ay napapalibutan ng kawayan at may layong 200 brazas (katumbas ng 1.671 metro ang bawat braza) sa direksyon ng tabing-dagat;

San Francisco de Malabon (Heneral Trias), ang pantyon ng bayan ay napapalibutan ng bato at mayroong mga nitso ito'y matatagpuan nang may layong 100 brazas mula sa Simbahan;

Cavite el Viejo, ang pantyon ay napapalibutan ng kongkreto at may layong 230 brazas mula sa Simbahan;

Bacoor, ang pantyon ay napapalibutan ng, kongkreto at may layong 300 brazas mula sa Simbahan;

Ymus, ang pantyon ay napapalibutan ng bato, mayroong mga nitso at musoleo, may sapat na sukat at ito'y katabi ng Simbahan;

Perez Dasmariñas (Dasmariñas), ang pantyon ay napapalibutan ng bato; ito'y walang mga nitso at mayroon itong 200 brazas ang layo mula sa Simbahan;

Carmona, napapalibutan ng kawayan ang pantyon at mayroon itong 50 brazas na layo mula sa Simbahan;

Silan (Silang), ang pantyon ay napapalibutan ng bato at mayroong mga nitso at musoleo at may layong 150 brazas mula sa Simbahan;

Amadeo, ang pantyon ay napapalibutan ng kahoy at may layong 100 brazas mula sa Simbahan;

Yndan (Indang), ang pantyon ay napapalibutan ng bato at mayroong mga nitso at may layong 150 brazas mula sa Simbahan;

Mendez Nuñez (Mendez), ang pantyon ay napapalibutan ng kawayan walang mga nitso at matatagpuan sa layong 200 brazas mula sa Simbahan;

Alfonso, napapalibutan ng bakod na yari sa kahoy at may dalawang nitso, matatagpuan sa layong 200 fathoms (katumbas ng anim na talampakan ang bawat isang fathom) mula sa Simbahan;

Bailen (Heneral Emilio Aguinaldo), nababakuran ng kawayan at may layong 250 brazas mula sa bayan;

Magallanes, napapalibutan ng kawayan ang pantyon walang mga nitso at may layong 100 brazas mula sa Simbahan;

Maragondon, napapalibutan ng bato, mayroong mga nitso at musoleo at mayroong layong kalahating kilometro mula sa Simbahan;

Ternate, matatagpuan ang pantyon sa labas ng sentro ng bayan na may layong 200 metro mula sa Simbahan ito'y mayroong bakod na kawayan;

Naic, napapalibutan ng mga bato mayroong mga nitso at musoleo at may layong 200 brazas mula sa Simbahan;

Santa Cruz (Tanza), napapalibutan ng bato at mayroong mga nitso, malawak ang espasyo at may layong 100 brazas mula sa Simbahan.

MGA PALIPAT-LIPAT NA LIBING

Nabibilang ang mga sumusunod sa mga kilalang tao sa Kabite na inilipat mula sa dating pantyon patungo sa kanilang kasalukuyang kinalalagyan:

• Ladislao Diwa, mula sa pantyong pambayan ng Lungsod ng Kabite (Caridad) inilipat ang kanyang mga buto sa isang musoleo sa may harap ng tahanan ng mga Diwa;

• Mariano C. Trias, dating napalibing sa Sementeryo del Norte sa Maynila ngunit inilipat ang kanyang mga buto sa kanyang monumento na matatagpuan sa bayang ipinangalan sa kanyang alaala. Pinasinayaan ito noong ika-23 ng Mayo 1923;

• Julian Felipe, namatay sa Maynila, nakalagak ang kanyang mga buto sa isang monumento na ipinatayo bilang parangal sa kanyang kabayanihan sa Lungsod ng Kabite;

• Olivia Salamanca, isa sa mga kauna-unahang babaing doktor ng medisina sa bansa. Namatay sa sakit na tuberkulosis, unang inilibing sa pantyong pambayan ng Lungsod ng Kabite (Caridad) nguni't inilipat ang kanyang mga labi sa musoleo ng pamilya Salamanca sa Sementeryo del Norte, Maynila noong 1939.

MGA LIBINGAN: AYON SA ANTAS NA KINABIBILANGAN SA LIPUNAN

Hindi maikakaila na may pagpapahalaga ang mga Pilipino sa kanilang mga yumao sa buhay. Hindi maiwawaksi ng mga naulila sa kanilang mga puso't isipan ang alaala ng mga lumisang mahal sa buhay kaya may araw ng paggunita sa kanila ang buong Simbahang Katoliko.[6] May sariling pantyong pampubliko ang lahat ng mga bayan sa buong kapuluan ng Pilipinas. Kadalasan, ang mga ito ay nasa pangangasiwa ng mga relihiyoso noong unang panahon.[7] Noong panahon ng mga Kastila, may pribilehiyo ang mga nabibilang sa angkan ng mayayaman na mailibing sa loob ng simbahan.[8] Sa kasalukuyan sa pagdami ng populasyon ng tao, maraming mga pantyon ang nagsulputan. May pinangangasiwaan ng mga lokal na pamahalaan at ang mga tinatawag na memorial parks na pag-aari naman ng mga pribadong kompanya. Makasining ang mga Kristiyanong Pilipino, lalung-lalo na ang mga Katoliko sa kanilang pagpapakita ng kabanalang patungkol sa kamatayan.[9] Ang sining panlibingan ay sumasakop sa magaganda at panlasang napagbabago ng salapi, hilig, at pagkilala sa sining, katulad ng ilang pampublikong iskulturang hindi nakikilala ang gumawa.[10] Nagmula pa sa mga unang bahagi ng kasaysayan ng Kabite, batayan ang antas na kinabibilangan sa lipunan ng isang tao hanggang sa kanyang huling hantungan.



With the Honorable Senator Gregorio B. Honasan
as
Guest of Honor
the
National Historical Institute
National Centennial Commission
City and Provincial Government of Cavite
Cavite Historical Society
and the
Family of Katipunan Co-Founder, Ladislao Diwa
request the honor of your presence at the

Transfer and Interment of the Remains of Ladislao Diwa

on Saturday, the thirtieth of November, nineteen hundred and ninety-six
from eleven o'clock in the morning until twelve high noon
at 973 Caboco Street, Caridad, Cavite City

Mr./Mrs. WILFREDO B. PANGILINAN
Invitation

Attire: Formal

Palatuntunan ng paglilipat ng mga labi ni Ladislao Diwa sa tahanan ng pamilya Diwa (koleksiyon ni G. Wilfredo B. Pangilinan)

Matapos ang sabay-sabay na pagbitay sa 13 martir sa Moog ni San Felipe Neri (Fort San Felipe Neri) noong ika-12 ng Setyembre, 1896 sa ganap na ika-12:45 ng tanghali, isinakay ang kanilang mga bangkay sa isang *carreton* ng basurahan na binabantayan ng anim na sundalong infanteria at dinala sa pantyon ng kumbento sa Caridad at doon inilibing.[11] Ang limang mga binitay na sina Maximo Ynocencio, Francisco Osorio, Luis Aguado, Hugo Perez, at Victoriano Luciano ay inilagay sa bukod na mga kabaong, samantalang sina Maximo Gregorio, Feliciano Cabuco, Antonio San Agustin, Agapito Conchu, Eugenio Cabezas, Jose Lallana, Severino Lapidario, at Alfonso Ocampo, na pawang mga mahihirap, ay inilibing na lamang nang sama-sama sa isang bagong hukay. Ang naunang mga binanggit ay nailibing nang maayos dahil nabibilang sila sa mayayamang angkan at pinahintulutan ang kanilang mga kamag-anak na maipalibing sila sa mga pantyong na binayaran.[12]

Nagpapakita ang karamihan sa mga pantyon na pinasyalan at kinunan ng mga larawan ng uri ng pamumuhay ng mga yumaong napasama sa proyektong ito. Bagama't sa ilang pagkakataon, ang kanilang mga katanyagan noong nabubuhay pa'y hindi mababakas sa kanilang mga payak na huling hantungan. Ang kanilang mga makukulay na kasaysayan ang nagbigay ng puwang upang maging bahagi sila ng pag-aaral na ito.

MGA PANANDA (LAPIDA)

Ilan sa mga pantyon na binisita ay nagtataglay ng natatanging mga inskripsyon sa mga pananda. Pag-aari ng pamilya Deseo-Patriarca ang isa sa pinakamatandang musoleo sa Heneral Trias, Kabite. Sa loob ng nasabing musoleo makikita ang isang panandang marmol na may inskripsyong:

CECILIA DESEO PATRIARCA
¡AY CECILIA!
BAKIT ISINADLAK SA BALON NG LUNGKOT
ANG AMA AT INA MONG NINIROG?
22 NG NOVIEMBRE, 1874. 29 NG JUNIO, 1902[13]

Tunay na katangi-tangi ang nasabing pananda sapagkat nagsasaad ito ng labis na dalamhati ng mga kaanak na naulila ni Cecilia. May pagkakahalintulad ito sa kultura ng paglalagay ng mga pananda sa Estados Unidos, dahil isa sa mga katangian ng mga pananda ang paghahatid ng damdamin ng kalungkutan sa pagkawala ng isang mahal sa buhay, habang kasabay ang pagtatangka na ipaliwanag at tanggapin ang pagkawala ng minamahal.[14]

Sa pantyon ng kilalang manunulat na si Pascual H. Poblete sa Sementeryo del Norte, Maynila, makikita naman sa ibabaw ng kanyang huling hantungan ang replica ng "The Thinker" na yari sa bato, isang kilalang obra ni Auguste Rodin,

60495 fd

isang eskultor na Pranses. Samantalang sa pananda ni Marcial "Mars" Ravelo, ang kilalang may likha sa mga popular na karakter sa komiks at pelikula na sina Darna at Dyesebel, mababasa ang nakaukit na inskripsyon na nagsasaad ng kanyang kahusayan at katanyagan bilang isang malikhaing nobelista:

Mars Ravelo
Hari ng Pilipino Komiks
October 9, 1916 – September 12, 1988

Sa pananda ng kilalang makata na si Timoteo "Teo" Seneca Baylen makikita naman ang isang tula na kanyang isinulat ilang taong bago siya namatay:[15]

SA
LAGUSANG ITO
NASOK ANG MAKATA
PATUNGO SA ISANG PASTULANG PAYAPA
TEO S. BAYLEN
JAN. 24, 1904
DEC. 5, 1990





Ang musoleo ng Pamilya Deseo-Patriarca (koleksiyon ng may-akda)

Bukod sa kanyang pansariling tula gumawa rin siya ng isa para sa kanyang kabiyak na kinalalagyan naman ng ganitong inskripsyon:[16]

SA
LAGUSANG ITO
SI INA NAGDAAN
PATUNGO SA ISANG
PAYAPANG PASTULAN
CIRIACA B. BAYLEN
MAY 10, 1912
FEB. 22, 1998

Sa paglalagay ng mga inskripsyon sa mga pananda, lumilitaw ang mga katangian at nagawa ng isang tao noong nabubuhay pa ito. Naaayon ang mga nakalagay sa kanilang mga huling kagustuhan o habilin bago namatay. Maari rin namang ayon ito sa pagkakakilala sa kanya ng mga taong malalapit sa kanya. Ang mga inskripsyon ay personal at akma sa pagkatao ng yumao.[17] Sa loob ng simbahan ng Maragondon, Kabite, sa Parokya ng Nuestra Señora dela Asuncion, may isang pananda na nagsasaad ng:

LABING BUTU NILA
G. RODERICO ANTONI
13-3-1836. †29-3-1891.
G. ELISEA RILLO
14-6-1835. †13-2-1903.
G. CRISPIN ANTONI
6-1-1874. †15-3-1897.
BB. PILAR ANTONI
10-10-1892.† 3-7-1902.
SUMALANGIT NAWA.



Pananda sa dating pantyon ng Pamilya Somoza sa loob ng Parokya ng Nuestra Señora de la Asuncion sa Maragondon, Kabite

Malinaw na mga kalansay na lamang ang mga nakalibing dito. Sa hindi kalayuan, may isang pananda namang nagsasaad ng isang anunsyo na naglalaan para sa ekslusibong gamit ng isang kilalang pamilya sa bayan ng Maragondon ng isang sulok ng simbahan:[18]

RESERVADO POR EL ARZOBISPADO DE MANILA EXCLUSIVAMENTE PARA LA FAMILIA SOMOZA
22 MARZO 1920

Sa loob ng simbahan ng Parokya ni San Gregorio Magno sa Indang, Kabite, may isang pananda na tunay na makatawag-pansin:

MARIANO PENAFLORIDA
†FEBRERO 20, 1912
SAKSI ÑG SA INYO'Y DI
PAGLIMOT ÑG NAMIMIGHATI
NINYONG APO AT MGA ANAK

Sa isang poste ng nasabing simbahan makikita naman ang kakaibang simbolo na ginamit sa petsa ng kapanganakan at kamatayan ni Don Severino delas Alas:[19]

SEVERINO DELAS ALAS
A ENERO 8, 1851
Ω NOV. 4, 1918

Popular sa mga pananda ang paglalagay ng mga inskripsyon na katulad ng S.L.N. o *Sumalangit Nawa*, na ayon kay Prospero R. Covar, ang nawa sa Malayo Polynesia ay katulad ng nawa sa Tagalog na tumutukoy sa espiritu o kaluluwa,[20] ang R.I.P. ay *Requiescat In Pace*, at ang D.O.M. ay *Deo Optimo Maximo*. Sa mga miyembro ng Iglesia Ni Cristo ay *I.N.C.* ang nakalagay upang ipabatid na kasapi ng nasabing grupong pangrelihiyon ang nakahimlay sa pantyon .

Isang pantyon naman sa Lungsod ng Kabite ay may isang pananda na ang inskripsyon ay E.P.D., ibig sabihin, *En Paz Descanse* sa wikang Kastila, na katumbas ng Manahimik Sa Kapayapaan, marahil ito ang popular na ginagamit sa mga pananda noong panahon ng Kastila. Isang pananda sa loob ng simbahan ng Indang ang may natatanging inskripsyon:

M.N.S.K[21]
Bb. MARIA OCAMPO
ÑG IKA DALAWAMPO AT ISANG TAONG
GANAP NG KANYANG GULANG AY TINAWAG NI P. BATHALA AT
ISINALIBINGAN NG IKA 20 NG ENERO NG TAONG 1918
KAILAN MAY HINDI KA LINILIMOT NG NAGMAMAHAL MONG YNA AT MGA KAPATID
GARCIA VELARDE CARRIEDO 343-347

Sa Naik, ang pananda ni Macario G. Peña, dating punongbayan ay ganito naman ang isinasaad:

Here lies the remains of a man whose deeds
As Mayor for two decades, had engraved
In the hearts of his fellowmen
The immortal memory of his name.
As a man of steel in the face of danger
Even his enemies had learned to respect him.
He fought with dignity even on his wheelchair
Due to 14 gunshot wounds caused by the assassins.
As champion of the weak, the poor, and the oppressed,
He fiercely fought for his people's rights.
He was reelected twice even if he was paralyzed.
His popularity as Cavite's fightingest
"wheelchair mayor" shall remain alive
in the memory of his constituents
due to his great and noble deeds.

Nakahimlay ang mag-asawang Daniel Mata Tirona at Felisa Osorio de Tirona sa marangyang musoleo ng pamilya Osorio-Tirona, na maihahalintulad ang arkitektura sa mga matatagpuan sa Sementeryo del Norte, Maynila. Matatagpuan ito sa Pantyon ng mga Intsik sa Lungsod ng Kabite na malapit sa may dagat. Mababasa sa loob ng musoleo ang ilang inskripsyon at sa may gilid ng pader sa bandang kaliwa nakasulat ang:

Chichay..!
Linisan mo kami
Sa Boong Kapanglawan
Purihin ang Poon..!
Harinawang ang aming
Mga Panalanging
Maging iyong Kaakbay
Magpasawalanhanggan
Ang iyong Asawa

Sa bandang kanan ng pader naman:

Bumabasa..!
Sandaling Humantong
Kaawaan ng isang Panalangin
Ang Lumalagak Dito
Sa Mapanglaw na Libingan

"Chichay" ang palayaw ng kabiyak ni Daniel na si Felisa. Siya ang kapatid ni Francisco Osorio, isa sa Labintatlong Martir. Mas kilala naman sa kasaysayan

si Daniel dahil sa pangyayari sa Kumbensyon ng Tejeros noong 1897. Naunang yumao si Felisa at mapapansin na inihandog ng kanyang asawang si Daniel ang inskripsyon.

Sa pantyon nina Juan Salcedo y Mayobre at Basilia Ganal de Salcedo, mga magulang ni Leopoldo Salcedo mababasa ang ganito:

LENGUAJE DEL AMOR

Lenguaje del Amor
Palabras Que Pueden Marcar En Alma
Con Tormenta De Renuncia
Articuladas Con Labios De Un Matiz Seductor
Colores De Vida
Que Vuelan Entre Corazones
Lenguaje Del Amor
Envia Mi Alma Hacia La Luz
Te Suplico...
Tonos Españoles De Sueños
Y Romances
Derritiendo Los Ojos
Con La Pasion En Sus Ojos
Amante Que Exige
Y Amante Que Cura.
Lenguaje Del Amor
Canta Esta Melodia
Que Acuna Mis Ansias
Por Un Beso...
Estas Palabras Despliegan Alas
Por Si Mismas
Palabras Que Acarician Como Manos
De Vino Y Oro
Letras Que Deletrean
Abrasos Tan Audaces
Que Nunca Desvanecera
La Fuerza Delos Deseos
Ellas Me Sostienen
En Mis Horas De Autocompasion
Me Precipitan A Mundos
Que Nunca Antes He Conocido
Estas Palabras Que Mis

Antepasados Decian Con Dignidad
Son Las Palabras
Que Me Obsesionan Infinitamente
Flores Creceran
Para La Causa De La Eternidad
Rios Surgiran
En Su Tan Sabio Camino
Montanas Se Plegaran
Valles Suspiraran
La Belleza De La Naturaleza
Nunca Morira
Si Los Labios Deben Responder
De Ja Que Los Sentimientos Vayan Por
El Lenguaje Del Amor
Es El Lenguaje De La Vida...
Para Don Juan Salcedo & Alejandro Ruiz 31 de Enero, 1998
Eulogia Salcedo Roxas & Mariano Daniel Alvarez

D. O. M.
ROGAD A DIOS EN CARIDAD
POR EL ALMA DE
Daniel Tirona y Matta
que falleció el día 3 de Septiembre de 1939
a las 6:45 a. m. en Kawit, Cavite,
a la edad de 76 años.
R. I. P.

Sus desconsolados viuda, hijos, hijos políticos, nietos, sobrinos, sobrinos políticos, y demás parientes, suplican a Vd. la tengan presente en sus oraciones.

ORACION

Señor Dios, que nos dejásteis las señales de tu Pasión en la Sábana Santa, en la cual fue envuelto tu cuerpo Santísimo, cuando por José fuistes bajado de la Cruz, concédenos, piadosísimo Señor, que por tu muerte y sepultura seamos llevados a la gracia de la resurrección, en donde vives y reinas con Dios Padre, en unidad del Espíritu Santo, por los siglos de los siglos.

(Rezando esta oración se saca un alma del Purgatorio. — Clemente VIII).

Jesús mío, misericordia.
(100 días de indulgencia)
Dulce Corazón de Jesús, sed mi amor.
(100 días de indulgencia)
Dulce Corazón de María, sed mi salvación.
(100 días de indulgencia)

He pasado largos días sufriendo y noches llenas de dolor; pero el Señor me ha sostenido y me sacó del mundo para fortificarme.
(San Ambrosio)

Anunsyo ng pagkamatay ni Daniel Mata Tirona, rebolusyunaryo ng Kawit, Kabite (koleksiyon ni G. Wilfredo B. Pangilinan)

MGA POOK LIBINGAN

Ano nga ba ang kinalagyan ng mga kilala at limot na mga Kabitenyo sa kanilang mga huling hantungan? Saan-saan ba sila humantong o napalibing? Naglalarawan ba ng kanilang mga naging buhay ang kanilang mga pantyon? Ayon sa isang aklat, ang mga kilalang Amerikano ay may mga magagarang musoleo at pantyon, "katulad ng mga paraon sa mga pyramid at mga emperador sa mga templong libingan, sila'y matatandaan hindi dahil sa kanilang mga nagawa sa mundo kundi sa kanilang mga pantyon."[22] Marahil, hindi umaangkop sa lahat ng mga Pilipino ang paniniwalang ito, sapagkat hindi masyadong pinagtutuunan ng pansin ng ating lipunan ang halaga ng mga huling hantungan.

May mga naniniwala na hindi na rin naman daw malalaman ng yumao ang kanyang kahahantungan, maganda man o hindi ang kanyang paglilibingan. Sa katunayan, sa pagsasaliksik, may mga natuklasang pantyon ng mga kilalang tao sa kasaysayan ng Pilipinas na nasa hindi maayos na kalagayan.[23] Bukod pa sa kawalan ng interes sa mga ito, ang mapag-usapan ang kamatayan ang isa sa mga iniiwasang paksa ng mga tao sa lipunan.

Matatagpuan sa iba't ibang simbahan at pantyon (pribado at publiko) sa loob at labas ng lalawigan ng Kabite, ang mga huling hantungan ng mga kilala at limot na mga tao sa lalawigan. Sa pagpapatuloy ng pag-aaral, minarapat na bigyan ng limitasyon ng may-akda ang paggamit ng salitang "kilala" at "limot" na mga tao. Ang depinisyon para sa una, "iyong mga taong nakilala sa larangan ng kasaysayan, pulitika, panulat, at sining" at ang huli naman, iyong mga taong pinag-usapan dahil sa kanilang larangan na pinasok o mga taong napabantog dahil sa kanilang reputasyon, "maaaring sila'y itinuturing na mga lokal na bayani o *folk hero*."

Parang paghahanap ng karayom sa bunton ng dayami, ang pagtunton sa mga pantyon ng mga taong ito nagsimula bilang mga hindi sinasadyang pagkakatuklas – sa katunayan nga, maraming sa mga pantyon na ito ang natagpuan sa mga hindi sinasadyang pagkakataon. Sa ilang pagsasaliksik, gumamit ang may-akda ng direktoryo ng telepono at nagtanung-tanong din sa ilang mga matatanda sa paligid. Napadpad din siya sa mga simbahan sa mga bayan ng Kabite sa panahon ng pagsasaliksik.

Limitado ang paghahanap sa mga pantyon dahil sa kakulangan ng panahon na maaaring iukol. Ang sumusunod ang mga larawan ng mga pantyon ng mga kilala at limot na Kabitenyo na napasyalan ng may-akda.

ALEJANDRO G. ABADILLA
NG IKA 10 NG MARSO 1905
T NG IKA 26 NG AGOSTO 1969
CRISTINA Z. ABADILLA
T NG IKA 7 NG OKTUBRE 1963
ALAALA NG MGA ANAK AT MGA APO

ALEJANDRO G. ABADILLA

Isinilang: Marso 10 1905
Namatay: Agosto 26, 1969
Pantyon: Sementeryo del Norte, Maynila

Ama ng makabagong panulaan sa Pilipinas, tubong Rosario, Kabite, at kilala rin sa tawag na AGA (mula sa inisyal ng kanyang pangalan na Alejandro Garcia Abadilla). Si AGA ay nagkamit ng Republic Cutural Heritage Award. Siya ang may-akda ng Mga Piling Tula ni AGA, Pagkamulat ni Magdalena, at Tanagabadilla. Marami sa kanyang mga manuskrito at mga personal na gamit ang tinupok ng apoy dahil sa isang malaking sunog na naganap sa kanilang lugar sa Maynila, ilang taon mula nang siya'y pumanaw. Namatay siya sa edad na 64.[24]

Baldomero Baloy Aguinaldo

Isinilang: Pebrero 26, 1869
Namatay: Pebrero 4, 1915
Pantyon: Dambanang Baldomero Aguinaldo, Binakayan, Kawit, Kabite

Rebolusyunaryo. Bago nagsilbi sa panahon ng rebolusyon, humawak siya ng iba't ibang posisyon sa pamahalaan. Kasama ng kanyang pinsang si Emilio Aguinaldo, itinatag nila ang balangay ng Katipunan na tinawag na Magdalo sa Cavite El Viejo (ngayo'y Kawit).[25]

Carlos Jamir Aguinaldo

Isinilang: Walang Tala
Namatay: Oktubre 10, 1878
Pantyon: Parokya ni Santa Maria Magdalena, Kawit, Kabite

Ama ni Heneral Emilio Aguinaldo at dating Punongbayan ng Kawit.[26]

Emilio Famy Aguinaldo

Isinilang: Marso 6, 1869
Namatay: Pebrero 6, 1964
Pantyon: Dambanang Emilio Aguinaldo, Kawit, Kabite

Unang Pangulo ng Pilipinas, at dating rebolusyunaryo. Hiniling na mapalibing sa ilalim ng balkonahe kung saan niya ginanap ang proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas noong ika-12 ng Hunyo 1898, nguni't hindi ito natupad. Makailang ulit na ring naipaayos ang kanyang pantyon na matatagpuan sa may likod ng kanyang mansyon sa Kawit. Inilibing siya sa likod ng mansyon noong ika-16 ng Pebrero 1964.[27]

Herminio R. "Minyong Duling" Alvarez

Isinilang: Nobyembre 24, 1908
Namatay: Abril 21, 1992
Pantyon: Pantyong Pambayan, Nobeleta, Kabite

Artista sa Pelikulang Pilipino. Madalas gumanap ng supporting roles sa mga pelikulang ginawa sa ilalim ng produksyon ni Ramon Revilla, Sr.

Isabel R. Alvarez

Isinilang: Hulyo 8, 1907
Namatay: Nobyembre 5, 1981
Pantyon: Pantyong Pambayan, Nobeleta, Kabite

Kauna-unahang babaing punongbayan ng Nobeleta mula taong 1963 hanggang 1971.

Mariano Alvarez

Isinilang: Marso 15, 1818
Namatay: Agosto 25, 1924
Pantyon: Pantyong Pambayan, Nobeleta, Kabite

Rebolusyunaryo. Pinuno ng balangay Magdiwang ng Katipunan sa Kabite.

Pascual Alvarez

Isinilang: Mayo 17, 1861
Namatay: Marso 8, 1923
Pantyon: Pantyong Pambayan, Nobeleta, Kabite

Rebolusyunaryo.

Santiago Alvarez

Isinilang: Hulyo 25, 1872
Namatay: Oktubre 30, 1930
Pantyon: Pantyong Pambayan, Nobeleta, Kabite

Rebolusyunaryo.

Obispo Leopoldo A. Arcaira, D.D.

Isinilang: Nobyembre 15, 1902
Namatay: Nobyembre 19, 1994
Pantyon: Pantyong Pangkatoliko, Tanza, Kabite
Alagad ng Simbahan.



Cirilo "Kapitan Tila" Riel Arenas

Isinilang: Walang Petsa
Namatay: Disyembre 5, 1900
Pantyon: Nazarene Eternal Garden, Naik, Kabite
Rebolusyunaryo.





Teo S. Baylen

Isinilang: Enero 24, 1904
Namatay: Disyembre 5, 1990
Pantyon: Himlayang Caviteño, Lungsod ng Kabite

Makata at dating pastor. Kilala sa kanyang estilo ng panulat na tumatalakay sa milinaryanismo. Nagkamit ng Republic Cultural Heritage Award na pinasimulan ni Presidente Carlos P. Garcia na katumbas ngayon ng National Artist Award. Matatagpuan ang ilan sa kanyang mga memorabilia sa City Library ng Lungsod ng Kabite.



Lino Dimaala Bocalan

Isinilang: Setyembre 28, 1928
Namatay: Marso 4, 2000
Pantyon: Holy Rosary Eternal Garden, Tanza, Kabite

Dating gobernador ng Kabite.

Obispo Leopoldo A. Arcaira, D.D.

Isinilang: Nobyembre 15, 1902
Namatay: Nobyembre 19, 1994
Pantyon: Pantyong Pangkatoliko, Tanza, Kabite
Alagad ng Simbahan.



Cirilo "Kapitan Tila" Riel Arenas

Isinilang: Walang Petsa
Namatay: Disyembre 5, 1900
Pantyon: Nazarene Eternal Garden, Naik, Kabite
Rebolusyunaryo.





Teo S. Baylen

Isinilang: Enero 24, 1904
Namatay: Disyembre 5, 1990
Pantyon: Himlayang Caviteño, Lungsod ng Kabite

Makata at dating pastor. Kilala sa kanyang estilo ng panulat na tumatalakay sa milinaryanismo. Nagkamit ng Republic Cultural Heritage Award na pinasimulan ni Presidente Carlos P. Garcia na katumbas ngayon ng National Artist Award. Matatagpuan ang ilan sa kanyang mga memorabilia sa City Library ng Lungsod ng Kabite.



Lino Dimaala Bocalan

Isinilang: Setyembre 28, 1928
Namatay: Marso 4, 2000
Pantyon: Holy Rosary Eternal Garden, Tanza, Kabite

Dating gobernador ng Kabite.

Obispo Leopoldo A. Arcaira, D.D.

Isinilang: Nobyembre 15, 1902
Namatay: Nobyembre 19, 1994
Pantyon: Pantyong Pangkatoliko, Tanza, Kabite
Alagad ng Simbahan.



Cirilo "Kapitan Tila" Riel Arenas

Isinilang: Walang Petsa
Namatay: Disyembre 5, 1900
Pantyon: Nazarene Eternal Garden, Naik, Kabite
Rebolusyunaryo.



Obispo Leopoldo A. Arcaira, D.D.

Isinilang: Nobyembre 15, 1902
Namatay: Nobyembre 19, 1994
Pantyon: Pantyong Pangkatoliko, Tanza, Kabite
Alagad ng Simbahan.



Cirilo "Kapitan Tila" Riel Arenas

Isinilang: Walang Petsa
Namatay: Disyembre 5, 1900
Pantyon: Nazarene Eternal Garden, Naik, Kabite
Rebolusyunaryo.



Dominador Monzon Camerino

Isinilang: Nobyembre 1, 1899
Namatay: Hulyo 25, 1977
Pantyon: Pantyong Pambayan, Imus, Kabite

Kilala sa tawag na "Tango". Gobernador ng Kabite. Nagsimula siya bilang Capitan del Barrio (1928-1931) at naging punongbayan ng Imus (1931-1941) hanggang naging provincial board member at gobernador noong mamundok ang dating gobernador na si Mariano Castañeda bilang paglaban sa mga Hapones.[28]

Telesforo Canseco

Isinilang: Enero 5, 1852
Namatay: Disyembre 12, 1932
Pantyon: Pantyong Pangkatoliko, Naik, Kabite

Historyador, Inquilino, isang principalia ng Naik.[29]


SA HIMLAYANG ITO NAKALAGAK
ANG LABI NG PINAKAHULING
KATIWALA NG MGA DOMINIKANO
SA CASAHACIENDA DE NAIC , NA SI
D. TELESFORO CANSECO
DIED: DEC. 12, 1932



Gabriel "Abeng" Velasco Custodio, Sr.

Isinilang: Marso 18, 1912
Namatay: Agosto 20, 1993
Pantyon: Santa Cruz Memorial Park, Tanza, Kabite
Pintor.

Severino delas Alas

Isinilang: Enero 8, 1851
Namatay: Nobyembre 4, 1918
Pantyon: Parokya ni San Gregorio Magno, Indang, Kabite
Rebolusyunaryo at guro.



Hilaria del Rosario

Isinilang: 1872
Namatay: Marso 22, 1921
Pantyon: Pantyong Pambayan, Kawit, Kabite

Rebolusyunaryo. Unang maybahay ni Emilio Aguinaldo at nagtatag ng *Hijas de la Revolucion* upang matulungan ang mga nasalanta ng labanan noong panahon ng pag-aaklas. Nang lumaon, tinagurian siyang "Ina ng Krus na Pula sa Pilipinas" (Red Cross).[30]

Don Jose Ma. Del Rosario

Isinilang: Marso 19, 1865
Namatay: Hunyo 30, 1918
Pantyon: Pantyong Pangkatoliko, Tanza, Kabite

Rebolusyunaryo at isa sa mga kauna-unahang abogado sa Kabite. Nakilala siya dahil sa Kumbensyon ng Tejeros kung saan pinili siya ni Daniel Tirona na mahalal bilang Secretario del Interior kaysa kay Andres Bonifacio na ikinasama ng loob ng Supremo at naging hudyat ng mas malalim na hidwaan ng Magdiwang at Magdalo - dalawang balangay ng Katipunan sa Kabite.[31]

Ladislao Diwa

Isinilang: Hunyo 27, 1863
Namatay: Marso 12, 1930
Pantyon: Tahanan ng Pamilya Diwa, Caridad, Lungsod ng Kabite

Rebolusyunaryo. Isa sa mga tagapagtatag ng Katipunan.

LADISLAO DIWA
MAKABAYAN, ANAK NINA
MARIANO DIWA AT CECILIA NICON.
IPINANGANAK SA SAN ROQUE,
27 HUNYO 1863. KAANIB SA LIGA
FILIPINA, KASAMA NINA ANDRES
BONIFACIO AT TEODORO PLATA SA
PAGTATATAG NG KATIPUNAN. 6
HULYO 1892. NAMUNO SA ISANG
SANGAY NG HIMAGSIKAN, 1896, SA
ILALIM NI HENERAL MARIANO
TRIAS. NABILANGGO SA PUERSA
SANTIAGO; NAKALAYA MATAPOS
LAGDAAN ANG KASUNDUAN SA BAK-
NG-BATO 1897. NAMALAI NA CURER-

Esteban A. De Ocampo

Isinilang: Disyembre 26, 1906
Namatay: Enero 26, 2000
Pantyon: Holy Rosary Eternal Garden, Amaya, Tanza, Kabite

Historyador at guro. Naglingkod siya bilang pinuno ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan at sumulat ng mga aklat-kasaysayan ng lalawigan ng Kabite.



LUIS FERRER, SR.

Isinilang: Agosto 19, 1872
Namatay: Enero 6, 1942
Pantyon: Pantyong Pambayan , Heneral Trias, Kabite

Nanilbihan bilang ikaanim na gobernador ng Kabite sa panahon ng Amerikano mula 1919 hanggang 1921.[32] Sa kanyang panahon binago ang pangalan ng San Francisco de Malabon na ginawang Heneral Trias bilang pag-alaala sa nasabing bayani. Sa kanya nagmula ang mga sumunod pang henerasyon ng mga pulitiko ng nasabing bayan.

HUGO ILAGAN

Isinilang: Hunyo 27, 1863
Namatay: Disyembre 29, 1908
Pantyon: Parokya ni San Gregorio Magno, Indang, Kabite

Rebolusyunaryo, guro, at abogado.

Rosario Nazareno Lopez

Isinilang: Oktubre 21, 1936
Namatay: Nobyembre 7, 2003
Pantyon: Pantyong Pangkatoliko, Naik, Kabite

Commissioner, Securities and Exchange Commission (SEC).

Leonardo "Nardong Putik" Manicio

Isinilang: Mayo 25, 1925
Namatay: Oktubre 10, 1971

Pantyon: Pantyong Pambayan, Dasmariñas, Kabite

Robinhood ng Kabite. Naging Cavite's Most Wanted Person, napasangkot sa ilang malalaking kaso sa lalawigan kabilang na ang Maragondon Massacre noong 1952. Naging bantog rin siya dala ng kanyang iniingatang anting-anting. Isang pelikula ang ginawa tungkol sa kanyang makulay na buhay. Sa aklat ni Isagani R. Medina, Manecio ang kanyang apelyido, subalit ayon sa kanyang anak na si Esther Manicio Dadula, Manicio ang kanilang tamang apelyido. Kabilang siya sa mga tulisang tinatawag na tekas o teksas sa kasaysayan ng panunulisan sa Kabite kasama ng mga pangalang Julian Montalan (1900s), Santiago Ronquillo alyas Tiagong Akyat (1920s), Eugenio Cortez (1940s), Bianong Bulag at Maximo Cubol (1950s).[33]

Justiniano Solis Montano

Isinilang: Setyembre 5, 1905
Namatay: March 31, 2005
Pantyon: Hardin ng Tahanan ng Pamilya Montano, Amaya, Tanza, Kabite

Senador ng Pilipinas, isang mahusay na abogado. Nagtapos sa Unibersidad ng Pilipinas at pumangalawa sa pagsusulit para sa abogasya noong 1929 at unang naglingkod bilang assistant provincial fiscal sa lalawigan ng Kabite. Namatay siya sa gulang na 99.



Mariano Noriel

Isinilang: 1864
Namatay: Enero 27, 1915
Pantyon: Sementeryo del Norte, Maynila

Rebolusyunaryo. Bilang pangulo ng Consejo de Guerra, pinamunuan niya ang lupon na siyang lumitis sa magkapatid na Andres at Procopio Bonifacio sa Maragondon, Kabite.[34] Binitay ng mga Amerikano kasama ang dalawa pang Pilipino dahil sa isang maling bintang.[35] Kasalukuyang nakalibing sa Mausoleo delos Veteranos dela Revolucion.




R. Peña
BORN: APRIL 12, 1922
DIED: MARCH 31, 1976
HERE LIES THE REMAINS OF A MAN WHOSE GOOD DEEDS
AS MAYOR FOR TWO DECADES, HAD ENGRAVED
IN THE HEARTS OF HIS FELLOWMEN
THE IMMORTAL MEMORY OF HIS NAME.
AS A MAN OF STEEL IN THE FACE OF DANGER
EVEN HIS ENEMIES HAD LEARNED TO RESPECT HIM.
HE FOUGHT WITH DIGNITY EVEN ON HIS WHEELCHAIR
DUE TO 14 GUNSHOT WOUNDS CAUSED BY THE ASSASSINS.
AS CHAMPION OF THE WEAK, THE POOR AND THE OPPRESSED,
HE FIERCELY FOUGHT FOR HIS PEOPLES RIGHTS.
HE WAS REELECTED TWICE EVEN IF HE WAS PARALYZED.
HIS POPULARITY AS CAVITE'S FIGHTINGEST
"WHEELCHAIR MAYOR" SHALL REMAIN ALIVE
IN THE MEMORY OF HIS CONSTITUENTS
DUE TO HIS GREAT AND NOBLE DEEDS.

Macario Peña

Isinilang: Abril 12, 1922
Namatay: Marso 31, 1976
Pantyon: Pantyong Pambayan, Naik, Kabite

Punongbayan ng Naik. Itinanghal na Pinakamahusay na Punongbayan ng Pilipinas at naglingkod sa pamahalaan ng may 20 taon.

Pascual H. Poblete

Isinilang: Mayo 17, 1857
Namatay: Pebrero 5, 1921
Pantyon: Sementeryo del Norte, Maynila

Manunulat na tubong Naik, Kabite at itinuturing na isa sa pinakamahuhusay na manunulat ng kanyang panahon. Ilan sa kanyang mga akda ang ***Buhay at mga Ginawa ni Dr. Jose Rizal***, ***Pag-ibig sa Lupang Tinubuan***, ***Zarzuela Dramatica*** (na may tatlong acto), ***Lucrecia Triciptino***, ***Patnubay ng Binyagan***, at ***Kasaysayan mula nang lalangin ang Sanglibutan hanggang sa Pasion Mahal ng ating Panginoong Jesucristo*** (kilala rin bilang Pasyong Poblete).[36]

Marcial "Mars" Ravelo

Isinilang: Oktubre 9, 1916
Namatay: Setyembre 12, 1988
Pantyon: Santa Cruz Memorial Park, Tanza, Kabite



Hari ng Pilipino Komiks. Tubong Heneral Trias, Kabite, nguni't nakapag-asawa at nanirahan sa Amaya, Tanza, Kabite. Kilala bilang nobelista at lumikha kina *Darna*, *Roberta*, *Captain Barbel*, *Jack and Jill*, *Facifica Falayfay*, *Maruha*, *Bondying* at *Dyesebel*. Sumulat din siya ng maiikling nobela katulad ng *Tubog sa Ginto* at *Ako'y Tao...May Dugo at Laman*. Tumanggap ng maraming parangal katulad ng Lifetime Achievement Award, Filipino Academy of Movie Arts and Sciences (FAMAS) 1984, Life Achievement Award, Komiks Operation Brotherhood, Inc., 1984, Recognition Award, at Parangal mula sa Surian ng Wikang Pambansa, 1988.



Scout Filamer S. Reyes

Isinilang: Hunyo 16, 1942
Namatay: Hulyo 28, 1963
Pantyon: Sementeryo del Norte, Maynila

Explorer Scout ng Cavite Council, at tubong Lungsod ng Kabite. Isa siya sa dalawang delegado mula sa lalawigan ng Kabite na bahagi ng grupo ng mga Philippine Boy Scouts na namatay sa pagbagsak ng eroplanong kanilang sinasakyan patungong Marathon, Greece, para sa isang World Jamboree. Bilang pag-alaala, ipinangalan sa kanila ang ilang kalsada sa Lungsod Quezon, gayundin, ang isang memoryal at pantyon sa Sementeryo del Norte, Maynila.



Diosdado "Nonong" Ricafrente, Jr.

Isinilang: Abril 30, 1938
Namatay: Hunyo 29, 2004
Pantyon: Pantyong Pambayan, Nobeleta, Kabite

Brodkaster sa radyo.

Emiliano Riego de Dios

Isinilang: Setyembre 7, 1864
Namatay: Pebrero 4, 1926
Pantyon: Sementeryo del Norte, Maynila[57]

Rebolusyunaryo.

Mariano Riego de Dios

Isinilang: Setyembre 12, 1875
Namatay: Pebrero 17, 1935
Pantyon: Pantyon ng mga Aglipayano, Maragondon, Kabite

Rebolusyunaryo.

Leopoldo Salcedo

Isinilang: Marso 13, 1912
Namatay: Hunyo 10, 1998
Pantyon: Angelus Eternal Garden, Bakoor, Kabite

Hari ng Pelikulang Pilipino at kilala bilang "The Great Profile." Si Leopoldo Salcedo ay tubong Lungsod ng Kabite at nakilala sa kasaysayan dahil sa kanyang angking kagandahang lalaki at husay sa pagganap sa pelikula. May panahon pa na siya ang highest paid actor sa pelikulang Pilipino. Noong kanyang pamamayagpag sa pelikula, nagkaroon siya ng isang mansyon sa Lungsod ng Quezon na pinagdarayo ng mga tao, at pinangalanan niyang "*La Roca Trinidad*."



Luciano San Miguel

Isinilang: Enero 7, 1875
Namatay: 1902
Pantyon: Pantyong Pambayan, Nobeleta, Kabite
Rebolusyunaryo.

Alfredo B. Saulo

Isinilang: Enero 26, 1914
Namatay: Disyembre 5, 1995
Pantyon: Doña Gregoria Memorial Park, Kawit, Kabite
Manunulat, historyador at guro, isang adopted son ng Kabite. Bagamat tubong Nueva Ecija, nakapagsulat siya ng mga aklat-kasaysayan ng Kabite at ng isang talambuhay ni Emilio Aguinaldo.

SIMON B. SAULOG

Isinilang: Oktubre 28, 1916
Namatay: Nobyembre 8, 1995
Pantyon: Pantyong Pambayan, Imus, Kabite

Pintor, nabibilang sa Mabini Group of Artists. Nag-aral sa ilalim nina Fabian dela Rosa, Candido Alcantara, at Fernando at Pablo Amorsolo sa Unibersidad ng Pilipinas. Ilan sa kanyang mga kilalang obra ang Quack Doctor, Unselfish Love, at Bitter Moments na nagwagi ng mga parangal. Kasapi siya ng Art Association of the Philippines (AAP).[38]

VICENTE SOMOZA

Isinilang: Setyembre 13, 1862
Namatay: Setyembre 26, 1905
Pantyon: Parokya ng Nuestra Señora dela Asuncion, Maragondon, Kabite

Si Don Vicente Cua-peco Somoza, tubong Maragondon, Kabite ay nakatapos ng kursong Komersyo sa Hongkong at kilala bilang isang mangangalakal. Sumuporta siya sa Rebolusyong Pilipino sa pamamagitan ng pagpapadala ng pagkain at pera sa pangkat ni Emilio Aguinaldo. Kumatawan siya sa lalawigan ng Mati (ngayo'y Davao) sa Kongreso ng Malolos. Isa siya sa mga nagtatag ng Chamber of Commerce of the Philippines.[39]



Pedro P. Solis

Isinilang: Oktubre 8, 1915
Namatay: Nobyembre 7, 1995
Pantyon: Santa Cruz Memorial Park, Tanza, Kabite

Dating Hepe ng Crime Laboratory, NBI.

Antero Sosa Soriano

Isinilang: 1886
Namatay: 1929
Pantyon: Pantyong Pangkatoliko, Tanza, Kabite

Gobernador, senador at kinatawan ng Kabite. Tubong Tanza, kaya isang mahabang lansangan ang ipinangalan dito para sa kanya.



Benjamin Tria Tirona

Isinilang: Hulyo 26, 1913
Namatay: Oktubre 4, 1983
Pantyon: Pantyong Pambayan, Kawit, Kabite
Embahador. Mula siya sa kinikilalang pamilya ng Tria Tirona ng Kawit, Kabite.



Daniel Mata Tirona

Isinilang: Hulyo 21, 1863
Namatay: Setyembre 3, 1939
Pantyon: Pantyon ng mga Intsik, Lungsod ng Kabite

Naging kasapi ng pamunuan ng Magdalo, kilalang rebolusyunaryo at dating guro. Naging kontrobersyal si Tirona dahil sa alitang naganap sa Kumbensyon ng Tejeros noong 1897. Naglingkod siya sa pamahalaang Amerikano noong panahon ng pananakop ng mga ito.[40]

Emiliano Tria Tirona

Isinilang: Hunyo 12, 1883
Namatay: Abril 8, 1952
Pantyon: Pantyong Pambayan, Kawit, Kabite

Kinatawan ng Kabite at naging senador ng Pilipinas mula 1922 hanggang 1928 at 1947 hanggang 1953, nguni't kinamatayan niya ito noong 1952. Kasama rin siya sa Misyong OsRox nina Sergio Osmeña at Manuel Roxas para sa kasarinlan ng Pilipinas sa pananakop ng mga Amerikano.[41]

Mariano Closas Trias

Isinilang: Oktubre 12, 1869
Namatay: Enero 23, 1914
Pantyon: Liwasang Heneral Trias, Heneral Trias, Kabite

Unang Pangalawang Pangulo ng Pilipinas, rebolusyunaryo, at dating gobernador ng Kabite noong panahon ng Amerikano (1901-1905). Unang inilibing sa Sementeryo del Norte sa Maynila, nguni't inilipat ang kanyang mga labi sa kanyang bayang sinilangan nang ipangalan ito sa kanya sa bisa ng Act 2889 noong 1920. Noong Mayo 20, 1923, isang monumento na pinaglipatan ng kanyang mga buto ang pinasinayaan bilang pag-alaala sa kanya.[42]



Scout Antonio R. Torillo

Isinilang: Hulyo 10, 1946
Namatay: Hulyo 28, 1963
Pantyon: Sementeryo del Norte, Maynila

Eagle Scout ng Cavite Council at tubong Rosario, Kabite. Kasama siyang delegado ng Philippine Boy Scouts nabilang sa mga namatay sa pagbagsak ng eroplanong kanilang sinasakyan patungong Marathon, Greece para sa isang World Jamboree. Bilang pag-alaala sa kanya, isang kalsada ang ipinangalan sa kanya sa Lungsod ng Quezon at sa kanyang bayang sinilangan.

Doña Maria Josefa de Yrrizarri y Ursua

Isinilang: Walang Tala
Namatay: Setyembre 9, 1782
Pantyon: Parokya ni San Francisco ng Assisi, Heneral Trias, Kabite

Mayaman at kilalang Kondesa ng Lizarraga, Espanya at unang nanirahan sa Cavite Puerto (ngayo'y Lungsod ng Kabite). Nagkasakit siya ng ketong at upang maiwasan ang labis na kahihiyan, nanirahan siya sa Tierra Alta (ngayo'y Nobeleta), at dito na namatay at inilibing sa simbahan ng Heneral Trias, Kabite, makaraan ang dalawang araw.[43] May mga kuwentong nagsasabing nakikita ang multo nito paminsan-minsan sa loob ng simbahan magpahanggang ngayon.

MIGUEL D. VELASCO

Isinilang: Mayo 8, 1907
Namatay: July 14, 1993
Pantyon: Nazarene Eternal Garden, Naik, Kabite

Purple Heart Awardee.



CENON VILLAFRANCA

Isinilang: Walang Tala
Namatay: Nobyembre 15, 1926
Pantyon: Parokya ng Nuestra Señora dela Asuncion, Maragondon, Kabite

Paring nagpanumpa kina Emilio Aguinaldo at Mariano Trias noong ika-23 ng Marso 1897 sa Tanza, Kabite, nang itatag. ang Pamahalaang Rebolusyunaryo ng Pilipinas.

ARISTON VILLANUEVA

Isinilang: 1846
Namatay: Marso 2, 1918
Pantyon: Pantyong Pambayan, Nobeleta, Kabite

Dating gobernadorcillo ng Nobeleta bago naganap ang himagsikan. Naging isang rebolusyunaryo at naging kalihim pandigma ng balangay Magdiwang ng Katipunan.

TALAHULI

[1] David T. Mamaril, "Puntod At Nitso," sa Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino. ed. Virgilio S. Almario (Maynila: Philippine Education Co., Inc., 1981), p. 195. Si David T. Mamaril ay tubong Nobeleta, Kabite. Siya ay nagkamit ng titulong "Hari ng Tulang Liriko" sa isang palatuntunan na ginanap sa Pambansang Aklatan.

[2] National Historical Institute, Historical Markers Metro Manila.(Manila: National Historical Institute, 1993), p. 222.

[3] Quezon Memorial Committee, Quezon Memorial Book. (Manila: Quezon Memorial Committee, 1952), p. 62. Ito ay isang aklat na nailathala tungkol sa pagbabalik ng mga labi sa Pilipinas ni Presidente Manuel L. Quezon.

[4] Ibid., p. 69.

[5] Michael C. Francisco, Cavite en Siglo 19 (Translation of Selected 19th Century Documents). (Dasmarinas: Cavite Studies Center, De La Salle University Dasmarinas, 2002), p.15-48.

[6] Cornelio T. Africano, Paete Bayang Masining, Bayang Pinoy.(Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2003), p. 84.

[7] Lorelei D.C. De Viana, Three Centuries of Binondo Architecture 1594-1898 A Socio-Historical Perspective.(Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2001), p. 158.

[8] Ernesto L. de Paz, Nagcarlan in Perspective.(Manila: De La Salle University Press, 1999), p. 30.

[9] Abraham P. Sakili at Corazon S. Alvina, "Sining Panlibingan," Iskultura sa Pilipinas: Mula Anito hanggang Assemblage at iba pang sanaysay.Alice G. Guillermo, et al. (Manila: Metropolitan Museum of Manila, 1991), p. 75.

[10] Ibid.

[11] Gervasio Pangilinan, "Kapita-pitagang Kapulungan ng mga Nagsisipagturo, Mga Nagsisipag-aral (Babae't Lalaki) Sa Mataas na Pa-aralan nitong Kabite" talumpating binasa sa paggunita ng kamatayan ng Labintatlong Martir sa Lungsod ng Kabite noong Setyembre 12, 1940.

[12] Ibid.

[13] Ayon sa kuwento, si Cecilia Deseo Patriarca o "Sitchang" ay namatay na dalaga. Sa ibabaw ng lapida nakainskripsyon ang, "Ipanalangin mo ang Ynang Bayan." Sa mga petsa ng kapanganakan at kamatayan may simbulo ng kabibe (kapanganakan) at krus (kamatayan). Ang mga ito ay nabanggit bilang popular na mga simbulo sa mga libingan ayon sa aklat ni Alice Guillermo, et al., Iskultura sa Pilipinas: Mula Anito hanggang Assemblage at iba pang Sanaysay, isang aklat na tumalakay sa mga sining sa libingan sa Pilipinas.

[14] J. Joseph Edgette, "The Epitaph and Personality Revelation," Cemeteries & Gravemarkers: Voices of American Culture. ed. Richard E. Meyer (Utah: Utah State University Press, 1992), p. 89.

[15] Panayam kay Luisito "Chito" de Leon Fernandez, 74, Mayo 14, 2005, Ronquillo Compound, Lungsod ng Kabite, manugang ni Teo S. Baylen at asawa ni Mirinisa, ayon sa kanya, ilang taon bago namatay si Teo ay iniabot sa kanya ang isang minakinilyang papel na may mga tulang nakasulat. Bilin ng kanyang biyenan, iyon ang ilalagay na inskripsyon sa kanyang pananda sa pantyon pati na rin sa kanyang kabiyak ng puso.

[16] Ibid.

[17] Edgette, loc. cit.

[18] Bukod sa pantyon ng pamilya Somoza sa loob ng simbahan, mayroon din itong isang musoleo sa Pantyong Pangkatoliko ng Maragondon na ipinagawa pa sa "Ang Batong Busilak" Marmoleria-Escultura, 380 R. Hidalgo, Manila.

[19] Ang mga letrang Griyego na "A" (alpha) simula at "Ù" (omega) katapusan ang ginamit kapalit ng kabibe at krus na mas karaniwang ginagamit sa mga pananda.

[20] Prospero R. Covar, "Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino", Kasaysayan at Kamalayan. N.M.R. Santillan at M.B.P. Conde, mga patnugot. (Lungsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan, 1998), p. 82.

[21] Tinanong ng may-akda ang Kura Paroko ng Heneral Trias na si Fr. Virgilio Saenz Mendoza tungkol sa maaaring kahulugan ng M.N.S.K. nguni't ayon sa kanya, hindi niya ito alam. Nakaukit din ang pangalan ng gumawa ng pananda sa may bandang ilalim. Ipinapalagay ng may-akda na ang kahulugan ng M.N.S.K. ay Manahimik Nawa Sa Kapayapaan batay sa Kastilang E.P.D. na ibig sabihin ay En Paz Descanse. Dagdag pa rito ang nakaukit na Garcia Velarde, pangalan ng pagawaan o marmoleria sa Carriedo, Maynila ng nasabing lapida o pananda.

[22] Xavier A. Cronin, "Introduction," Going Out in Style. Douglas Keister (New York: Facts on File, Inc., 1997), p. 1.

[23] Sa pagdalaw ng may-akda napansin niya ang pantyon nina Gob. Francis Burton Harrison, Don Pedro Paterno, Pascual H. Poblete at iba pang mga kilalang tao sa lipunan ang mga napabayaan na sa Sementeryo del Norte sa Maynila. Patunay ng kawalang interes kahit ng mga tao sa pamahalaan tungkol sa kultura ng pangangalaga ng mga pantyon. Sana'y mabigyang pansin ang kanilang mga kaawa-awang kalagayan.

[24] Mula sa pakikipanayam ng may-akda kay G. Bayani Abadilla, anak ni Alejandro G. Abadilla na naganap noong ika-27 ng Mayo, 2005, sa kanilang bahay sa Maynila. Sinamahan ang may-akda ng apo ni Alejandro na si Magtanggol sa pantyon

upang makuhanan ang pantyon nito ng larawan.

[25] Emmanuel Franco Calairo, Liping Kabitenyo. (Dasmariñas: Cavite Studies Center, De La Salle University-Dasmariñas, Cavite, 1999), p. 5.

[26] Ang kanyang mga labi ay inilipat sa loob ng simbahan ng Kawit noong Oktubre 2, 1893, ayon sa pananda.

[27] Ino Manalo, Home of Independence: Emilio Aguinaldo House. (Manila: National Historical Institute, 1998), p. 22.

[28] John Sidel, "Walking in the Shadow of the Big Man: Justiniano Montano and Failed Dynasty Building in Cavite 1935-1972 ," An Anarchy of Families, State and Family in the Philippines. ed. Alfred W. Mc Coy (Wisconsin: University of Wisconsin, Center for Southeast Asian Studies, 1993), p. 127.

[29] Ang tunay na apelyido ay Arellano ayon sa aklat ni Jose Rhommel B. Hernandez na isang pagsasalin ng mga tala ni Canseco, isang mestisong Kastila at sinasabing baka nagkaroon ng masamang reputasyon ang pangalang Arellano kaya nagpalit ito ng apelyidong Canseco. Don Telesforo Canseco. Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Pilipino sa Cavite 1897. Salin ni Jose Rhommel B. Hernandez, OP (Quezon City: Philippine Dominican Center of Institutional Studies, 1999), p. 18.

[30] Carlos Ronquillo y Valdez. Ilang Talata tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-97. Patnugot Isagani R. Medina. (Quezon City: University of the Philippines Press, 1996), p. 790.

[31] Ang kanyang mga labi ayon kay Cresenciana "Sianang" del Rosario ay nailipat na sa isang musoleo sa Santa Cruz Memorial Park sa nasabi ring bayan. Nais nilang panatilihin ang dating pantyon bilang alaala.

[32] Calairo, p. 96.

[33] Isagani R. Medina, Ang Kabite sa Gunita: Essays on Cavite and the Philippine Revolution. compiled by Mirana R. Medina (Quezon City: University of the Philippines Press, 2001), p. 39.

[34] Amzi B. Kelly, The Killing of General Noriel. (Manila: Historical Conservation Society, 1987), p. ix-xiii.

[35] Ibid.

[36] Jaime Salvador Corpuz, The Poblete Clan of Cavite. (Manila: Sampaguita Press Inc., 1997), p.10-21.

[37] Mayroon siyang isang lapida na "In Memoriam" (sa alaala) sa Aglipayan Cemetery sa Maragondon, Kabite, kasama ang iba pang kapamilya.

[38] Calairo. p. 175.

[39] Calairo, p. 176.

[40] Calairo. p. 181. May ilang kaibahan sa tala ng pananda at ng aklat. Una, ang kaibahan ng petsa ng kapanganakan sa pananda at sa aklat, ang nakatala sa pananda ay Hulyo 21, 1863 at sa aklat naman ay Hulyo 22, 1864; ikalawa, ang apelyido ng ina ni Daniel na "Mata" sa aklat ay "Matta" sa pananda at pang-huli, walang Tria na nakalagay sa pananda.

[41] Calairo, p. 184.

[42] Gervasio Pangilinan y Enriquez. The Historic Cavite (La Historia Cavite). Translated from Spanish by Lourdes Arespacochaga (_____ : Cavite Historical Society, Inc., 2001), p. 366.

[43] Parokya ni San Francisco ng Assisi, Heneral Trias, Kabite, 250th Founding Anniversary Souvenir Book, 1993.

PAGLALAGOM

Sa pagsasaliksik ng may-akda tungkol sa mga paniniwala at ritwal ng paglilibing sa Kabite, lumilitaw na marami sa mga naisulat ay halos nakagisnan na ng mga kinapanayam, mga pamahiin na naipasa sa kanila ng kanilang mga ninuno, at ang mga ito ay patuloy pa rin nilang sinusunod kapag hinihingi ng pagkakataon. Para sa kanila, wala namang mawawala sa pagsunod sa mga ito. Nangawala na ang ilan sa mga ritwal ng simbahan dahil sa pagbabago ng mga patakaran ng mga kaparian at dahil na rin sa Vatican Council II.

Hindi biro ang inabot na pagsasaliksik hinggil sa pagbisita sa iba't ibang pantyon sa buong lalawigan ng Kabite. Minsan, kahit katirikan ng araw, ang may-akda, kasama ang kanyang mga kaibigan, ay naghahanap-hanap sa mga libingan ng mga ilang sinaliksik sa mga suluk-sulok ng mga publiko at pribadong pantyon dahil sa kawalan ng mga sepulturerong maaaring mapagtanungan. Malaki rin ang naitulong ng mga pagtawag-tawag sa mga numero ng telepono ng mga kaapelyido ng mga yumaong hinahanap. Marami sa mga ito ang nakapagbigay ng kalinawan tungkol sa mga binisitang mga pantyon. Kahit ang Maynila ay narating din ng may-akda makuhanan lamang ng larawan ang ilang pantyon na kinahihimlayan ng ilang kilalang Kabitenyo.

Naging mahalagang bahagi rin ng proyekto ang mga lumang larawan buhat sa mga koleksyon ng iba't ibang indibidwal na hindi nagkait na ipahiram

ang kanilang mga pinakaiingatang larawan ng mga yumaong mahal sa buhay. Ipinapaalala ng mga larawang ito ang katotohanan na lilipas din ang lahat kahit ano man ang iyong narating sa buhay.

Isang magandang karanasan ang pagsasaliksik para sa aklat na ito dahil napatunayan dito na mayroon din palang pagpapahalagang iniuukol (kahit na papaano) ang mga Kabitenyo sa kanilang mga yumaong mahal sa buhay bagama't may mga pagkakataon na kailangan pang linisin o ipalinis mismo ng may-akda ang mga libingan para sa pagkuha ng larawan (dahil kadalasan ang paglilinis sa mga pantyon ay ginagawa lamang kapag araw ng mga patay). Napasyalan din at nasuri ang kaayusan ng mga huling hantungan ng ilan sa mga kinikilalang bayani, artista, pulitiko, manunulat, pati na rin iyong mga hindi na masyadong natatandaang mga kababayan na minsan ay pinag-usapan sa mga dahon ng makulay na kasaysayan ng bayan.

Sana'y magpatuloy ang ating pagsisikhay na magsaliksik at makapagsulat pa tungkol sa ating mga natatanging tradisyon at kultura.

APENDIKS A

Bahagi ng panayam kay Gng. Elena "Lenny" Palompo Mendoza, kalihim ng Parokya ni San Francisco de Assisi, Heneral Trias, Kabite.
(Naganap ang panayam noong ika-17 ng Abril, 2005. Ang JAL ay daglat ng Jeffrey Alfaro Lubang.)

JAL: Magandang umaga po. Maaari po bang ipakilala ninyo ang inyong sarili para sa panayam na ito?

Gng. Mendoza: Ako si Elena o Lenny Mendoza, secretary dito sa Saint Francis of Assisi Parish, Heneral Trias, Kabite, since 1983 up to present.

JAL: Ano po ang apelyido ninyo noong kayo ay dalaga?

Gng. Mendoza: Palompo.

JAL: Ito pong ating panayam kasi ay tungkol sa inyong mga karanasan bilang sekretarya ng simbahan, itatanong ko sa inyo ang inyong mga gawain at mga patakaran tungkol sa mga paglilibing at mga alam ninyong kuwento tungkol sa paglilibing sa Heneral Trias, bilang sekretarya po ng parokya ng San Francisco, papaano po ba 'yung ritwal, halimbawa may namamatay... 'yung "agunyas", anu po ba 'yun?

Gng. Mendoza: Ah, kase nung araw pa... 'yung sabe ng mga matatanda...bago magparehistro dito sa simbahan...nag-aano sila...nagpapa-agunyas...kasi kasabihan raw 'yun na para malaman sa bayan na namatay-either lalaki or babae... so, pagka-babae sabi nila...una munang kampana is "ting"...tapos pagka-lalake ang unang kampana is "bang"...pagka mga bata - wala na...iyon, then after noon ahh...kinukuha ko 'yung...nagpaparehistro sila rito sa office...kukunin ko 'yung death certificate...so, 'yung death certificate is nanggagaling muna sa munisipyo then bago dito...so scheduling na ng libing.

JAL: Papaano po yung ahh... tinatawag nilang mga ritwal ng paglilibing dito... halimbawa, ah... wala pa silang libingan...

Gng. Mendoza: Oo...

JAL: Ah, noong unang panahon po ba'y natatandaan papaano po halimbawa'y nasa ilalim ng pamamahala ng simbahan 'yung lupa o sementeryo...

Gng. Mendoza: Pagkaganon kase ang simbahan merong sariling sepulturero...so, siya 'yung nakakaalam ng lahat tungkol sa paglilibing o sa paghahanap ng puwedeng mapaglibingan...so, 'nung araw as in inabot ko...na merong lupa na ibinebenta-ng simbahan... sa murang halaga lang... tapos meron namang talagang 'yung sila na 'yung naandoon na hindi natin alam kung paano...hindi ko na inabot 'yon... na...pagnaglilibing sila...humihingi na lang sila ng permit sa aken...para mabuksan nila 'yung nitso...para makapaglibing sila and then nung una inabot ko na 'yung sepulturero sinusuwelduhan namen... suweldo na hindi naman suweldo talaga... parang alay kapwang anu lang...tapos...

ngayon, sa ngayon... wala ng ganon...so kung kailan meron na lang magpapasok... hihingi ng permit saken, tapos magbabayad na lang siya sa sepulturero, kasi wala silang allowance ngayon.

JAL: Ibig sabihin po...ah, sa ngayon po ba puno na 'yung mga sementeryo o pantiyon na pinaglilibingan ng mga nasa ilalim ng simbahan?

Gng. Mendoza: Oo, 'yung sakop ng simbahan...talagang ngayon - wala na...puno na talaga...wala ng ano kaya sumulpot na 'yung mga private na ano...na sementeryo sa aten...diyan sa paliged... pero 'yung sakop ng simbahan talaga wala ka ng mabibili...

JAL: Ilan po ang pantyon na hinahawakan ng simbahan dito sa General Trias?

Gng. Mendoza: Dalawa. Isa sa Tarique (Ang pantyon na ito ay pinaghahatian ng tatlo: Simbahan (Katoliko Romano), Munisipyo, at Pribado. Ang barangay na ito ay kilala rin bilang pantyon sa "Ilaya" o "Lumangbayan." at saka isa sa Vibora. Ang pangalang "Vibora" ay mula sa pangalan na ginamit sa rebolusyon ni Artemio Ricarte, isang guro at rebolusyunaryo na nanirahan sa Heneral Trias at naglingkod sa Spanish School ng nasabing bayan.) Ang pantyon na ito ay sakop ng Barangay Dulongbayan at Purok I ng Barangay Bacao. Kilala rin ito bilang pantyon sa "Ibaba". May maliit na bahagi ng pantyon na ito na sakop ng mga Protestante.

JAL: Alin po 'yung mas malaking pantyon?

Gng. Mendoza: Ah, parang...halos pareho lang.

JAL: Yung po ah, sa Tarique po di po ba parang may bahagi ito na sakop ang mga humahawak ay mga Protestante?

Gng. Mendoza: Oo, pero hindi naman siya masyadong malake...parang dalawang linya na magkaharap lang...tapos lahat na - sa simbahan.

JAL: Mayroon po ba kayong listahan ng mga namamatay na mga Katoliko?

Gng. Mendoza: Meron naman.

JAL: Anu po tawag diyan sa listahan?

Gng. Mendoza: Ah, libro ng de funtorum... (Ang Libro de Entierros de esta Parroquia de San Francisco de Malabon (1888) ang pinakamatandang kopya ng Libro de Entierros, (aklat na talaan ng mga namamatay) sa simbahan ng Heneral Trias, Kabite, at may mga petsang nakatala mula Hulyo 1, 1888 hanggang Hulyo 26, 1895. Ngayon ang talaan na ito ay tinatawag na "Liber Defuntorum " (Libro ng Patay).

JAL: Diyan po nakalista lahat...

Gng. Mendoza: Diyan, oo, diyan lahat nakalista yung mga namamatay na nagpaparehistro dito sa simbahan.

JAL: Mayroon po bang namamatay din na hindi nairerehistro kahit na Katoliko siya o kahit na tagarito?

Gng. Mendoza: Meron, kasi minsan meron...kalimitan...ah, minsan by phone... by ganon nalilimutang iparehistro 'yung ano - basta naka-schedule as in nakapasok lang siya.

JAL: Pero hindi naisulat yung pangalan?

Gng. Mendoza: Ah...minsan...kase nangyayari 'yon...nami-miss na hindi naipapasok...

JAL: Gaano kahalaga ang paglilista?

Gng. Mendoza: Mahalaga talaga yon

daw ang mundo (sabay tatawa)

JAL: Sa ngayon ay ano pong petsa...ika-17 ng Abril, 2005...ibig sabihin po sa panahon ngayon, kasalukuyang panahon...hindi na masyado yang mga pamahiin na yan?

Gng. Mendoza: Ah, hindi na...katulad nga o...tulad ngayon mga sementeryo...andami nang mga sementeryo ngayon...may mga private na...na karamihan eh...nung araw sasabihin eh hindi na puwedeng bumalik... eh, ngayon talagang ang sementeryo nagkalat na talagang mababalikan mo kung ang bahay mo eh andoon ka lang sa vicinity ng sementeryong 'yon...dadaanan mo talaga

JAL: Ito ay dapat na iiwas...yung dadaanan sa pagpunta mo sa simbahan yun ay hindi dapat pabalek sa pagpunta sa sementeryo sa paglilibing...

Gng. Mendoza: Oo, katulad sa Tarique, mayroong way na para hindi mo mabalikan...

JAL: Parang Tarique na dadaanan sa San Gabriel...

Gng. Mendoza: Pero kung sa malapit sa pantyon nga ...kasi nga papaano daw ay may susunod nga...

JAL: O parang ililigaw ang namatay at para hindi na bumalik...

-end-

APENDIKS B

Mga Hindi Pangkaraniwang pantyon sa Kabite



Itaas: Maragondon

Ibaba: Lungsod ng Kabite

Kaliwa: Heneral Trias

Kabilang pahina
Itaas: Lungsod ng Kabite
Gitnang Kanan: Naic
Gitnang Kaliwa: Tanza, Ibabang Kanan: Kawit

EN MEMORIAN
FELISA OSORIO
DE TIRONA

MACARIO B. PEÑA



APENDIKS C

Mga Punebre ng Banda Matanda
(Heneral Trias, Kabite)
Mga Komposisyon ni Delfin "Gardemit" Asercion

"ANDING"

Isinulat ni Delfin "Gardemit" Asercion
Areglo ni Luisita "Uchie" Viniegra de los Santos

DUET - CLAR IN
TRUMP. 1,2

DONYA (DOÑA) JULITA

Isinulat ni Delfin "Gardemit" Asercion

Areglo ni Luisita "Uchie" Viniegra de los Santos

DUET

APENDIKS D

Kabuuan ng Talumpati noong Setyembre 12, 1940 ni Gervacio Pangilinan sa Okasyon ng Paggunita sa Kamatayan ng Labintatlong Martir sa Lungsod ng Kabite

KAPITA-PITAGANG KAPULUÑGAN ÑG MGA NAGSISI-PAGTURO, MGA NAGSISIPAG-ARAL (BABAE'T LALAKI) SA MATAAS NA PAARALAN NITONG KABITE.

INIIBIG KONG MGA MAKABAYAN:

Bumabagtas na ñgayon sa may APAT NA PU'TAPAT NA TAON, nang, ang Kabite ay makasaksi sa pagkakabaril sa LABING TATLONG mararañgal at makabayang mamamayan, mga LALAKI ñg ating LAHI; na minasarap pang maputi ang mahahalaga nilang BUHAY na puspos ñg kasiglahan at kagitiñgan, nakita lamang sa LÁYA ang kanilang BAYANG di natutubos sa hirap; noo'y ñg ika 12 ñg Septiembre ñg taong 1896, sa Liwasang sanayan ng armas sa San Felipe, na ang pagkapamagat sa ñgalang ito'y mula sa katibayan ñg MOOG na niyari ñg taong 1637, na doon isinagawa ang kilabot na kaparusahan, ñg a las 12 at 45 minutos ñg tanghali, at ang kanilang nañgalabing katawan ay inihatid sa isang carreton ñg basurahan (hatiran ng mga layàk) na tinalibahan ñg anim na sundalong infanteria na purong mga barilang nababayonetahan, hangang sa libiñgan ñg Convento sa Caridad. Ang mga angkang nañgakaririwasa'y nilikom ang kanilang mga bankay, nina Maximo Ynocencio, Francisco Osorio, Luis Aguado, Hugo Perez at Victoriano Luciano, ipinagsisilid sa mga kabaong at naipa-anyo sa mga nichong binayaran; samantalang ang sa mga Maximo Gregorio, Feliciano Cabuco, Antonio San Agustin, Agapito Conchu, Eugenio Cabezas, José Lallana, Severino Lapidario at kay Alfonso Ocampo ay nañgalibing sa iisang hukay, !SA ABÀ ÑG KAPALARAN! dahil sa, nang ang mga ito'y nañgabubuhay ay sila ang mga bituin sa Kapisanan ñg mga taga Kabite, lalo't higuit kung sila'y nagsisidaló sa mga kasayahan ñg ibang Bayan nitong Lalawigan, lalo't sa Kawit, na taglay ang isang malaking pamayong na ikinakanlong sa init ñg araw sa mga nagsisisamang mga kadalagahan at mga may-asawa na nakakayag sa lakaran na kung tawaguin ay "KAPISANAN ÑG KULOG" na sinusundan ñg Orquesta na nagpapasayà sa lakad sa ipinaririnig na mga tugtuguin, at sa lahat ñg kanilang mga dinaraanan ay karamihan ay lalong nagsisipag-sayà hindi lamang sa pag-pi-piyakan; hindi lamang sa mga taglay na masasayang mukha ñg mga kababaihan kaparis ñg mga kalalakihan na nasisiglayan ñg mga panigin ñg mga malabigang magmasid na nañgag-gala sa mga lansangan. Lahat ñg mga kulay Kabiteñong ito'y siyang laguing naguing mga tañging panaohin sa mga bahay ñg mga GG. TIRONA at AGUINALDO. Lahat ñg mga gawaing matinkad at kaakit akit ang siyang mga dahilang ñg mga kapanaghilian ñg mga dayuhan o Kastila na di nila mahuwaran sa kilos, at kaya ñga't ñg ipahayag na, noong

ika 31 ñg Agosto ñg 1896, na, nasasakasalukuyan na ñg paghahamok, (himagsikan) sa Lalawigang ito, ay pinagdadakip na, ang karamihan sa upasalang, ang iba, ay ka-anib sa masonería; ang iba, ay sa Katipunan o mga kahinahinala; at pinaratañgan mga imbí (traidores) sa Espeña (sic), at mga kumakatawan sa paghihimagsik upang ilugsó (sic) ang kapangyarihang yaon, pagkatapos ñg tatlong siglo; at makaraan ang dalawang taon, o nang ika 13 ng Agosto ñg 1898, ay siyang pagkatapos sa Kapuluan ito, ñg Pamahalaang mapagusig at mapagpahirap, at nahalili'y ang kasalukuyang mapagpalaya at makabayan. Simula ñga rito ang Bayang Filipino ay nakaramdam na ñg ligaya sa bagong pamamalakad, at ang lalawigan ñg Kabite ay tinagurian ñg "BAYANI AT LUKLUKAN ÑG HIMAGSIKAN", dahil sa dito isinigaw ang KALAYAAN ñg hapon ñg ika 12 ñg Junio ñg 1898, sa Bayan ñg Kawit; Bayan ñg ating BAYANI ÑG KAHAPON, Gat. Emilio Aguinaldo at Famy, doon pinaalimbuyog at iniwagayway ang BANDILA ñg BANSA, saguisag at diwa ñg ating LAHI, na, sa saliw ñg tugtuging Pangbansa na itinitik at tinaguyuran ñg kumathà, Gat. Julian Felipe, na isa sa nalalabi pang kaanib, niyong tinataguriang "KAPISANAN ÑG KULOG".

Isang pulutong na kabataan ñg ating Bayang Kabite, na di naman kaligsihan at di kabagalan ay nagbu-ú ñg KAPISANANG tinagurian "KABATAANG KABITEÑO", ñg Junio ñg 1904, at dahil sa hañgaring mapasikat sa kasabikang maisakatuparan ang mga tungkuling nauukol sa kanilang Bayan, sa kanilang mga BAYANI at Nañgagsipaghirap, ay nañgagpasiyang magdaos ñg isang LAMAYAN sa talumpatia't-kantahan sa saliw ñg musica sa karañgalan ñg LABINGTATLONG nagsipaghirap ñg Kabite; upang bigulang PÀLA ang mga nagsakit sa paggawa ñg ikabubuti ñg kapua, noong gabi ñg ika 12 ñg Septiembre ñg nabanggit na taon; at sa nasabing Lamayan ay napagusapan ang pagtatayó ñg isang BANTAYOG sa LABINGTATLONG nagsiyao.

Narito an kabuuan ñg nasabing BANTAYOG na pinasinayaan na, at ñgayon'y tumutungtong na sa TATLONG PU'T APAT NA TAON.

" ULAT NA KASAYSAYAN ÑG BANTAYOG"

Na noong gabing di malilimot na ikawalong taong makapagpasinaya, araw ñg Lunes, ika 12 ñg Septiembre ñg 1904, ginanap ang isang Lamayan ñg "SAMAHANG CAVITEÑO", na pinamatnugutan ni D. Ceferino Picache sa bahay ñg Samahan, daang Bellesteros, na ñgayo'y Hugo Perez. Isa sa mga nanalumpati ay si D. Antonio de Ocampo José. At sa boong nilaman ñg pananalita ay naipakilala niya ang kahalagahan ñg pagtatayó ñg isang BANTAYOG bilang alaala sa LABINGTATLONG NAGSIPAGHIRAP ÑG KABITE.

At ñg sumunod na gabí ñg Sàbado, ika 17 ñg tinurang buan, sa kasalukuyang pagpupulong, si Gng. Baltazara Adriosola Reyes ni Reynoso, ay nagmunkahi sa ñgalan ñg SAMAHAN na mag-anyaya ñg isang pagtitipon pangkalahatan at akitin ang mga mamamayang mga maykàya ñg municipiong ito, upang pagusapan ang bagayna kaniyang inilahad, at sa kahalagahan ñg kaniyang mga kurong makabayan, ay ñg gabi ring ito'y pinagkasunduan, na sa araw ñg Lingo ika-25, ay dapat isagawa ang binanggit na pangkalahatang pagtitipon.

Ñg sumapit ang araw ñg Lingo, sa kinahapunan ay nagkatipon ang napakaraming nañgaanyayahan, at matapos mapagmuni ang ukol sa paraan ñg paglikom ñg sapat na halagà, na lubhang kailañgan sa pinagtatalakayan, ay pinagkasunduan na maguing isang AMBAGANG PANGKALAHATAN, at kara-karaka'y sinundan ñg paglikha ñg isang PANGKAT TAGAPAGPAGANAP (Comite Ejecutivo) na ang ñangapili ay si Dr. Catalino Nicolas, Pañgulo; D. Juan Matias, Kalihim; at si D. Nicasio Desiderio, Iñgat Yaman.

Matapos isakatuparan ang pagsusumikap at pagpapalaganap sa lahat ñg sulok nitong Bayan ñg Kabite, ay nakalikom ñg halagang mahiguit sa ISANG LIBONG PISO, at dahil ñga rito, ñg kinahapunan ñg Martes, ika-12 ñg Septiembre ñg 1905, ay iniyakma't inilapat na ang unang batong pagtutuntuñgan, na ang mga nañgagsipagsalita sa pagkakataong iyo'y sina ginoong Joaquin Balmori at Jose Turiano Santiago, pawang mga taga Maynila, at si G. Alejandro Fojas, na taga Tanza, Kabite.

Ñg sumunod na ika-12 ñg Septiembre rin, taong 1906, na makaraan ang sampung taon ñg pagkakabaril sa LABINGTATLO, sa Liwasan ñg San Felipe ñg a las 12 at 45 minutos ñg tanghaling di malilimot (ika-12 ñg Septiembre ñg 1896) ay pinasinayaan ang BANTAYOG na alaala sa kanila, na inunahan ñg isang dapit damdaming-bayan (procession civica) ñg mga MASON, na nagsimula sa daang Magallanes sa loob ñg Kabite, patuñgong Libiñgan ñg Convento sa Caridad, at nilikom doon ang mga nalabing katawan ñg mga binaril at inihatid ñg boong diñgal na paggalang hanging sa takdang lugar na iniyukol sa kanila sa paanan ñg BANTAYOG na ito, at sinundan karaka ñg boong pitagan pagbubukàs ñg Pañgulo ñg pangkat na tagapagpaganap, na pinagyukuran ñg nañgatitipon sa pagkakataon yaon sa pamamaguitan ñg mahabang palakpakan, na sinundan ñg pagsasalita ni Dr. Catalino Nicolas; at pagkatapos ay sumunod naman ñg ñgayo'y nagsasalita sa inyo, at bilang pangwakas, ay bumigkas naman si Dr. Justo Lukban.

Ñg taong 1907, dito rin sa lugar (sic) na ito ay dumatal ang noo'y Gobernador ñg Lalawigan, Kgg. Leonardo Osorio, na taglay ang Banda ñg Musica ni Gng. Charay, ñg a las 4 ñg hapon, at humiram ñg isang dúlang (mesa) panihdahan, na ari ñg bahay na iyan sa ating harapan, na ñgayo'y napapalamutihan ñg mga sarisaring halaman, at inilagay sa gawing Silañgan ñg BANTAYOG na ito at umakiat siya at nagsalita ñg di naman mahaba ñg ukol sa pagkamakabayan ñg LABING TATLONG MGA BINARIL, at dahil sa walang alituntunin, ni wala man lamang magsa-ayos, matapos ang kaniyang pananalita, ang nasirang Gobernador na tubo sa Bayang ito, ay matagal din naman natahimik, sa di inaasahang isasaganap na pag-alaala, sa XIII nagsipaghirap, salamat na lamang na, sa pagkakataong yao'y nañgag-uuwian ang mga manggagawang Arsenal, at nagkataong sa daraan naman ang matalinong mang-gagawa, na si D. Maximo Reyes, na inanyayahan ñg nasirang Gobernador (Osorio) at pinakiusapan magsalita ñg kaunti at maguing tagapag-pakilala sa ibang mga magsisipagsalita na nañgaroroon sa pagkakataong yaon, at ang mga ito'y si D. Antonio de Ocampo y José, at sinundan ñg sa inyo'y nagsasalita ñgayon, na noo'y parang isang pagkakataon.

Sa gayon, sa sumunod na taon 1908, ang pagdiriwang na ito ay inilakip na sa pangkat ñg Pañgasiwaan ñg araw ni Rizal na noo'y ang Pangulo ay si D. Vicente Alberto, at

